# Amoy Pulbos

Dulang Pampelikula

[SYNOPSIS]

Maraming mahihirap ang naghahanap ng sagot sa kanilang kahirapan sa pinakasikat na TV show ng bansa, ang *Yes Yes Idol*.

Magbabakasakali ang mag-asawang Chona at Ramil na magbago ang kanilang buhay kung palaring manalo sa Pera o Bayong ng show. Kung manalo, hindi na nila kailangang tumira sa ilalim ng tulay at tiyak na makakabuti ito para sa kinabukasan ng kanilang anak na si Igit.

Sa pagsali sa *Yes Yes Idol* ay matutuklasan nila Chona kung gaano kaiba ang reyalidad kaysa sa nakikita natin sa noontime show. Ibang-iba ang mundo sa likod ng kamera. Malupit at nakakadiri. Kabilang sa masasalubong nila Chona sa show ang bagong dancer na si Bheng na gagawin ang lahat para maging regular Yes Yes Girl. Makikilala rin nila si Pollie, ang washed-up Yes Yes Girl na ngayo'y nagtatrabahong staff ng show.

Magkakaiba man ang buhay nina Chona, Bheng at Pollie ay iisa lang ang kanilang nais, ang magkaroon ng maayos na buhay. Baka totoong nasa *Yes Yes Idol* nga ang sagot sa kanilang mga problema. Kung gusto nilang lumigaya, kailangan lang nilang maging sunud-sunuran. Dapat nilang isapuso at sikmurahin ang mantra ng show, ang 'Yes, Idol'.

1 EXT. TULAY - RILES NG TREN - NIGHT (DAWN)

Mapayapa ang paligid ilang minuto bago magbukang-liwayway. Nakatindig ang isang tulay sa taas ng maruming ilog. Nakadikit sa ilalim ng tulay ang ‘di mabilang na mga bahay.

Ang tulay ang nagsisilbing bubong ng mga bahay; mga kahoy na stilts naman ang kanilang pundasyon. Habang imahe ng karukhaan ang tulay, makikita sa likod nito ang matatayog na gusali ng Kamaynilaan.

2 INT. BAHAY NILA CHONA - NIGHT (DAWN)

Nagsusuklay si CHONA, 45, habang umiinom ng kape. Nakaluhod siya dahil mababa ang kisame ng kanyang bahay. Habang nagba-brush up ng basang buhok ay mawiwisikan ng tubig ang mga taong natutulog sa likod niya.

Maririnig ang pareklamong pag-ungol ng isang lalaki. Titingnan lang ni Chona ang lalaking nakahiga sa sahig. Sisimutin ni Chona ang iniinom na kape.

Gagapang si Chona palabas ng bahay. Bago makaalis ay sandali niyang titingnan ang natutulog niyang mag-amang sina RAMIL, 46, at IGIT, 8, lalaki.

Aakyat si Chona palabas ng bahay.

3 EXT. TULAY - RILES NG TREN - NIGHT (DAWN)

Papasikat na araw. Lalabas si Chona sa pintuan ng kanyang bahay at aahon sa tulay. Maririnig ang paparating na tren.

Makikita ni Chona ang isang bubwit na aahon sa riles. Sandila niya itong tititigan bago tabuyin. Susuot sa riles ang bubwit at magpapatuloy si Chona sa paglalakad. Nagmamadali.

Muling aahon ang bubwit, pinanonood nito si Chona na makarating sa dulo ng tulay. Magtatago muli ang bubwit sa riles. Dadaan ang tren.

4 EXT. TERMINAL NG JEEP - DAY

Abala ang umaga. Nagkalat ang posters at tarpauline ng mga kandidato dahil malapit na ang halalan. Maraming taong naglalakad sa kalye. Ang dagat ng mga taong papasok sa trabaho at eskwela ay kumikilos mechanically—parang mga zombie na hindi na kailangan paganahin ang utak dahil sa pang-araw-araw na routine. Lakad... nang lakad... nang lakad.

Sumisigaw bilang barker si Chona. Nang mapuno na ng pasahero ang jeep ay pupuwesto siya sa pintuan para maningil.

CHONA

Pakihanda na ng bayad...

Magsisimulang magbayad kay Chona ang mga pasahero. Tatanggap ng bayad. Magsusukli.

Ibibigay ni Chona ang naipong bayad sa tsuper. Aalis ang jeep.

5 INT. JEEP, HIGHWAY - DAY

Ibang araw. Magkatabing nakaupo sa umaandar na jeep sina Chona at Ramil. Inaayos ni Chona ang kuwelyo ng naninilaw na polo shirt ng mister. Nakatingin sa harap ng jeep si Chona, sa likod naman ang tingin ng kabadong si Ramil.

6 EXT. TV NETWORK - DAY

Hihinto ang jeep. Bababa sina Chona at Ramil. Bago tumawid ay titingalain ng dalawa ang matayog na building ng TV Network. Nanliliit silang pareho.

RAMIL

Uwi na tayo.

CHONA

Sakit pa rin ng tiyan mo?

RAMIL

Oo eh.

CHONA

Kawawa ka, ’no? Sa loob ka tumae.

Hahatakin ni Chona ang mister patawid ng kalsada.

7 INT. TV NETWORK - AUDITION STUDIO - INTERVIEW HALL - DAY

Papasok ng audition studio sina Chona at Ramil. Titingin sila sa paligid. Napakaraming taong nag-o-audition.

Nakaupo sa likod ng desk si POLLIE, 38, may katabaan at kulay kalawang ang buhok. Siya ang nag-iiscreen sa mga auditionees. Bakas sa kanyang eye bags ang pagod at stress sa trabaho. Nagkukuwento sa kanya ang isang ALE, 50, kasama ang kanyang ANAK.

ALE

Mahirap lang kami, Ma’am. Kaluoy gid, sa totoo lang.

Walang sigla magkuwento ang Ale. Wala ring sigla ang mukha ni Pollie. Hihigop siya ng kape.

ALE

Malinis at marangal naman ang trabaho namon. Kahit nagakalakal ako at—

POLLIE

Wala kang ‘lang’?

ALE

Ma'am?

POLLIE

Hindi mo sinabing nangangalakal ka 'lang'.

ALE

Dili, Ma'a— (beat) hindi po.

Pilit na ngingiti si Pollie, umaasang nakuha ng Ale ang sinabi. Tatango siya para magpatuloy ang Ale.

ALE

Ahhh... Kahit bilad sa araw, kahit nagakalakal lang ako—

Sasabat si Pollie na parang may ginagayang tao: isang TV host.

POLLIE

(walang emosyong spiel)

'Wag mong sabihing nangangalakal ka lang. Marangal 'yan, ipagmalaki mo.

Hihinto ang panonood ni Ramil sa interview. Ibibigay ni Chona ang blangkong audition form sa kanya. Tititigan ni Ramil ang form at ang ibang nag-o-audition. Isasauli niya ang form kay Chona.

RAMIL

May napili na yata.

CHONA

Sulatan mo na. Ako pa rin magsusulat?

Tititig lang ang kabadong si Ramil. Kukunin ni Chona ang ballpen sa mesa. Magsisimula siyang magsulat habang pinaririnig ang mga buntong-hininga.

RAMIL

Ikaw naman may gusto nito ah.

CHONA

(sarcastic)

Sabagay. Actually, ’di ko naman kailangan ’to eh... ’di rin naman importante sa *anak mo* ’yung pera.

Kalmadong maglalakad palabas si Chona, bluff na siyang uuwi na. Susunod si Ramil. Hihinto si Chona—nainis dahil uuwi nga si Ramil at hindi umepek ang reverse psychology niya. Babalik sila sa mesa.

Magsusulat si Chona nang hindi tumitingin kay Ramil.

CHONA

Kung pasok lang ako sa hinahanap, nakahilata ka lang sana sa bahay ngayon.

RAMIL

Sino ba sa’ting namilit na sumali dito?

CHONA

‘Pinilit?’ May pagpilit na naganap?

Titingin siya kay Ramil.

CHONA

Mahirap ka. Wala kang choice!

Tatayo ang Ale at kanyang Anak. Aalis. Sunod na uupo sa harap ni Pollie si DANTE, 53, mapayat at sunog ang balat. Aligaga ito. Babasahin ni Pollie ang form ni Dante bago matahin ang hindi mapakaling auditionee. Mapapangiti si Pollie.

Uupo sila Chona sa pila ng monoblocks para maghintay.

8 INT. AUDITION STUDIO - INTERVIEW HALL - LATER

Nagse-cellphone si Pollie. Uupo sa harap niya sina Chona at Ramil.

CHONA

Gandang hapon...

Hindi titingin si Pollie, sisilipin niya ang form ni Ramil na Ramilito Rodente ang buong pangalan.

POLLIE

Go. Kuwento.

RAMIL

Ako po?

Titingin sa kanya si Pollie ng ‘obvious b’ bago sikuhin ni Chona.

RAMIL

(parang batang nagre-recite)

Ako po si Ramil, isang barker. Gusto kong makasali, sa Yes Yes Idol, kasi gusto kong suwertehing manalo. ’Tsaka idol ko kasi si Pareng Idol.

Mapapansin ni Chona na nababagot si Pollie sa pagkuwento ni Ramil. Nasa cellphone na kasi ang atensyon niya. Sisinghot si Chona nang kaunti at...

CHONA

(umaarteng emosyonal)

Hirap na hirap po kami sa buhay, Madam.
Pangarap namin simula pa nang magsama
na magkaroon ng maginhawang buhay.
Tapos ngayon... mas hirap na hirap na hirap
pa kami.

Lilingon ang dalawa kay Chona. Si Ramil ay nagtataka sa asta ng misis; si Pollie naman ay nakangiti.

POLLIE

Anong trabaho mo?

CHONA

(kaswal ulit)

Wala eh. Sa bahay lang. Raket-raket minsan.
Ganyan.

POLLIE

Tsk. Sayang naman, mga nagtatrabaho sa
kalsada ang hanap ngayon eh.

CHONA

Bale ako'ng kasama niya kung matanggap.

Tatango si Pollie. Sa isip niya'y puwedeng kunin sila Ramil.

9 INT. AUDITION STUDIO - TALENT ROOM - DAY

Nakadapa sa sahig si Chona, nasa kalagitnaan ng kanyang pansit monologue. Nasa kanyang likod si Ramil, mine-memorize ang ginagawa ni Chona. May maririnig na dance song sa kabilang dulo ng kwarto habang may ibang auditonee na nagpe-perform.

CHONA

(umaarte)

Dugo! Igiiiiit! Bakit ka may dugo? Anong nangyari sa'yo. Huhuhu.

Bubungisngis si Ramil. Tatayo si Chona.

CHONA

Tangina ka, umayos ka. Pag ikaw talaga hindi natanggap...

RAMIL

Wala naman kasi akong talent.

CHONA

Wala ba? Ayan kaya.'Yan mismo. 'Yang pag-iinarte mo ang i-talent mo.

Hihinto ang tugtog ang magpapalakpakan ang mga tao.

POLLIE

Next. Ramil! Pansit monologue. Bet ko 'to!

Pupunta sa harap si Ramil. Titingin siya sa mga tao, luluhod at mag-aantanda. Hihigop ng kape si Pollie.

MATCH CUT TO:

10 INT. APARTMENT NI POLLIE - KUSINA - DAY

Ilalapag ni Pollie malapit sa kalan ang iniinom na kape. Nagpiprito siya ng meatloaf katabi ng sinasaing na kanin.

Mapapansin niyang may mga upos ng sigarilyong nakakalat sa lababo. Iiling. Iipunin niya ang mga ito at itatapon sa basurahang katabi ng ref. Makikita niya ang naka-magnet na FIELD TRIP PERMISSION SLIP sa ref.

11 INT. APARTMENT NI POLLIE - LABAS NG KWARTO NI PRINCE - DAY

Nakapanlakad na si Pollie, basa pa ang buhok. Bakas ang pulbos sa kanyang leeg at mukha. Kakatok siya sa naka-lock na kwarto ng anak. Nakadikit dito ang note: "May slip sa ref."

POLLIE

Alis na ako. Meatloaf ulam. Almusal at baon mo. Kung di mo kakainin, i-ref mo naman. Dadagain ulit. ’Yung bayad sa field trip nasa ref, katabi ng reply slip.

Nag-aabang ng sagot si Pollie. Wala.

POLLIE

Kumilos ka na, aalis na ako.

Pupunta sa main door si Pollie. Patutunugin niya ang pagbukas at pagsara nito nang hindi lumalabas. Aabangan niyang lumabas ng kwarto ang anak.

Magbubukas ang pinto ng kwarto. Palabas na ang kanina pang gising na si PRINCE, 17, mestiso, nang batiin siya ni Pollie.

POLLIE

Good morning, ’Nak. Nagpalit ka ba ulit ng number? Pahingi—

Banas si Prince na nandoon pa ang nanay. Babalik siya ng kwarto at isasara ang pinto. Dismayado at walang magawa, lalabas ng pinto si Pollie.

12 INT. REHEARSAL ROOM - DAY

Papasok ng rehearsal room si EVA, 45, ang choreographer ng Yes Yes Idol.

Kumakain ng chichirya si BHENG, 20. Maganda, maputi, at may itim at makintab na buhok. Halatang maganda ang hubog ng kanyang katawan kahit maluwag ang suot na damit.

Tatayo si Bheng sa pagdating ni Eva. Silang dalawa lang ang nasa kwarto.

EVA

Hi.

BHENG

Good morning po.

Makikipagkamay si Bheng pero bebeso si Eva. Uupo sila. Itatabi ni Bheng ang chichirya.

EVA

Thank you sa pag-accept ng invitation.

BHENG

Welcome po. Salamat din po sa pag-imbita.

Kukunin ni Eva ang chichirya ni Bheng at babasahin ang nutrition facts.

BHENG

Ay sorry po.

Pupunasan ni Bheng ang labi. Ilalagay ni Eva sa kanyang tabi ang chichirya.

EVA

So anong experience mo sa sayaw?

BHENG

Wala po. Noong highschool, sa classroom.

’Yun lang po.

EVA

Wala kang professional anything?

BHENG

Wala po.

EVA

Noong nakita kasi ni Pareng Idol ang viral video mo, he said he wants to have you. May potential ka raw and I agreed. Maganda ka... and you can dance.

BHENG

Salamat po.

EVA

Question is, kaya mo bang sumayaw

sa camera na naka-bikini lang?

Mapapaisip si Bheng.

13 INT. DRUGSTORE – DAY

Ibang araw. May pinipiling item si Bheng pero hindi makikita kung ano ito. Blonde na ang buhok niya, hapit ang damit, naka-earphones at shades. Sasagutin niya ang tawag sa phone.

BHENG

(sa kausap sa phone, nayayamot)

O? Ano? (beat) Ito na, nagmamadali na!

Kalma.

Dadaan siya sa aisle ng beauty products kung nasaan si Chona.

Dadamputin ni Chona ang pinakamaliit na bote ng pulbos at aamuyin. Ngingiti siya.

Titingnan niya muna ang presyo ng pulbos bago dalhin sa counter.

Binabalot na ang binili ni Bheng.

BHENG

(sa kausap sa phone)

Eh ’di sabihan mong ’wag na akong

pag-stayin para ’di ako napupuyat...

Aalis si Bheng. Sunod sa pila si Chona. Ilalapag niya sa counter ang pulbos at mga baryang galing bulsa.

CHONA

Pa-load.

Kukunin ng CASHIER ang cellphone at iaabot kay Chona. Ita-type ni Chona ang number sa cellphone at isosoli sa cashier.

CHONA

YesCombo20.

Isa-scan ng cashier ang bote ng pulbos.

14 EXT. UKAY-UKAY SA BANGKETA - DAY

Bitbit ni Chona ang plastic na may lamang bote ng pulbos. Magte-text siya at sa wakas ay naka-send na. Tatawid siya ng kalsada at maglalakad sa initan.

Makikita niya ang ukay-ukay. May apat na customer na pumipili sa bundok ng mga damit na nakapatong sa banig. Lalapit si Chona at luluhod sa tabi ng BABAENG CUSTOMER, 40. Lantaran nitong itatago ang kanyang bag palayo kay Chona—takot na baka dukutan siya. Nag-uukay lang si Chona, walang pake sa Babaeng Customer.

Matapos tingnang ng Babaeng Customer ang isang bestida ay iiitsa niya ito, hindi niya nagustuhan. Susukatin ni Chona ang bestida at iikot. Masaya siya sa nakitang damit.

Mukhang gustong bawiin ng Babaeng Customer ang damit nang makitang masaya si Chona.

15 INT. KARINDERYA - DAY

Nilalangaw ang mga naka-display na ulam ng karinderya. Makikita sa malayo si Chona. Sa anggulo ng shot ay may ilusyong siya’y maliit at nasa gitna ng mga ulam: na tila maging siya ay ulam lang din. Binibilang ni Chona ang natirang barya at lalapit sa karinderya at pipili ng ulam. May TV sa karinderya pero hindi ito makikita.

NEWS ANCHOR

(mula tv, off screen)

...pinabulaanan ni Pareng Idol na ginagamit ang kanyang programa para sa kampanya ng kanyang kapatid na tumatakbong Senador.

PARENG IDOL

(mula tv, off screen)

Walang nilalabag na election code. Ano kung sinisigaw ng audience ang apelyido ni utol? Apelyido ko din ’yun. Ako po talaga ’yung sinisigaw nila. Hindi naman sumisigaw ng ‘Senator’, ‘di ba?

Masasapawan ng pagbili ni Chona ang tunog ng TV. Hindi siya interesado sa balita.

CHONA

(ituturo ang ulam)

Magkano?

TINDERA

Kwarenta.

Sisipatin ni Chona ang ibang ulam at ituturo ang okoy.

CHONA

Bente?

TINDERA

Oo.

CHONA

Sige. Balot.

16 EXT. KALSADA – LABAS NG BARBERYA - DAY

Naglalakad si Chona bitbit pa rin ang plastic na ngayon ay nadagdagan na ang laman. Madadaanan niyang nagdidikit sa pader sina EDDY, ANDRIEL at ibang TAUHAN NI MAYOR ng campaign posters ni Mayor Pete Sapico at anak nito. "Re-elect Pete Sapico bilang Mayor. Iboto Paul Sapico bilang Congressman. Mag-AMA. MagkasAMA." Sa poster ay tinataas ni Pete ang kamay ni Paul.

EDDY

Te Chons, daan kayo mamaya sa plaza, ala una. Register lang na watcher ni Mayor.

CHONA

Puwede bang watcher nilang dalawa.

EDDY

Syempre.

CHONA

Bayád pareho?

EDDY

Oo. Pero ibang grupo may hawak ng

kampanya ng anak.

Aabutan niya ng ’Re-elect Mayor Pete Sapico’ tshirt si Chona. Kikilatisin ito ni Chona.

ANDRIEL

(kay Eddy)

Ano na daw ang histura?

EDDY

Lasug-lasog na, ’di na daw makilala.

ANDRIEL

(dudura)

Kadiri.

EDDY

Bobo, kawawa ang sabihin mo.

CHONA

Ano ’yun? Penge pa isa.

EDDY

May nagpakamatay sa riles, kaya walang
tren ngayon.

CHONA

O?

Iiitsa ni Eddy ang pangalawang tshirt kay Chona.

EDDY

Basta pumunta kayo ha. May pa... si Mayor.

Kikiskisin ni Eddy ang mga daliri bilang senyas ng pera.

CHONA

Sige, mamaya.

Iiwan ni Chona ang mga tauhan ni Mayor.

May madadaanan siyang barberya. Pinupulbusan ng barbero ang brush na ikikiskis sa batok ng customer. Pinalalabas ang commercial ng Yes Yes Idol sa TV kung saan nagsasayawan at nagkakatuwaan ang audience. Susundan ito ng shot ng constestant na hirap na hirap sa pagdesisyon.

BARBERO

Bobo ’yan! Dapat nag-pera ’yan kahapon.

TV NARRATOR

(mula sa tv)

Mamayang tanghali, kita-kita tayo sa
programang sagot sa pangarap ng masang
Pilipino.

AUDIENCE

(mula sa tv)

YES YES IDOL!

Tuloy lang si Chona sa paglalakad. Mapapahinto siya dahil tutunog ang text alert tone. Kukunin niya ang cellphone sa bulsa, babasahin ang mensahe (galing sa Misteryosong Lalaki) at kakaripas pauwi.

May MISTERYOSONG LALAKING nagmamasid kay Chona mula sa malayo. Alam ni Chonang may nanonood sa kanya pero di niya ito bibigyang pansin.

17 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Dahil sa liwanag ay makikita na ang detalye ng bahay ni Chona. Napakasikip nito: wala pang tig-apat na dipa ang haba at lapad at isa’t kalahating dipa lang ang taas—hindi sapat para siya’y makatayo. Maraming nakakalat na abubot na galing sa kalakal o donation: gaya ng superkalan, mga timba, at lamesita. May mga sinampay rin sa loob ng bahay. Organisado ang pagiging masikip at magulo ng kanilang gamit.

CHONA

Igit, handa ka na?

Gagapang papasok si Chona at titingin sa paligid. Mapapansin niya si Ramil na nakahilata, humihilik, at walang pang-itaas. Katabi niya ang dalawang bote ng gin, ang isa ay may laman pa. Itutulak ni Chona ang pinto ng kubeta na hindi mabuksan.

CHONA

’Di ba bilin ko handa na dapat?

Mumulat ang mata ni Ramil dahil sa ingay ni Chona. Badtrip. Magpaparinig si Ramil ng isang malakas na buntong hininga.

RAMIL

Haaaayyyy....

CHONA

(sarcastic)

Good morning. Sensya na, naistorbo tulog mo?

Padabog na ilalagay ni Chona ang inuwing plastic sa lamesita. Aangat ang mga alabok na naipon dito.

Maghuhugas si Chona ng isasaing na bigas. Gagamitin niya ang malinis na tubig na nasa may apoy na ito ay isasalang na niya ang kaldero.

Uupo si Chona at sasandal para magpahinga nang may makita siyang bubwit na gumagapang. Sandali niya itong pagmamasdan. Kukuha siya ng karton para ipamalo sa daga. Dahan-dahan niya itong lalapitan at hahampasin.

MATCH CUT TO:

18 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

CLOSE UP: Naglalatag ng fly paper sa sahig ang JANITOR. Isa. Dalawa. Tatlo. Ngayon ang araw ng Yes Yes Idol episode ni Ramil bilang contestant. Kinabukasan ito ng kanyang

audition day. Naliligaw si Ramil sa pasikut-sikot ng TV Network. Hinahanap niya ang pinakamalapit na banyo. Matutunton niya ito at papasok.

19 INT. BATHROOM - CUBICLE - CONTINUOUS

Papasok ng cubicle si Ramil. Uupo siya sa saradong inidoro nang hindi hinuhubad ang pantalon. Kumukuyakoy. Kabado at pinipilit kumalma.

Maririnig niyang may gagamit ng hand dryer. Hihinto ang tunog. Mapapaisip siya kung saan nanggaling ang tunog.

Lalabas si Ramil ng cubicle.

20 INT. BATHROOM - CONTINUOUS

Kahit sa sahig ng banyo ay may fly paper. Nakatitig si Ramil sa kanyang repleksyon sa salamin. Binubuksan at sinasara ang gripo, nakangiting pinanonood ang umaagos na tubig. Maghihilamos siya at tatapikin ang kanyang mukha. Lalapitan niya ang hand dryer.

Padabog na bubuksan ni Pollie ang pinto. (Suot ni Pollie ang damit nang magpaalam sa anak sa mga naunang eksena.) Makikita niyang pinatutuyo ng ignoranteng si Ramil ang mukha sa ilalim ng hand dryer.

21 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Naglalakad sila Pollie. Kasunod niya si Ramil.

POLLIE

’Di ba sinabing bawal umalis ng holding area nang walang paalam?!

RAMIL

Jumingle lang, Ma’am.

Titingin nang matalim si Pollie. Hihinto sila sa paglalakad.

POLLIE

O, nagpaalam ka? Hindi.

Tutuloy sa paglalakad.

RAMIL

Pasensya na, Ma’am.

POLLIE

Ang hirap sa inyo ang linaw na ng instructions, simple na nga... hina pa rin umintindi.

Makikita ni Pollie si Bheng. Itim ang buhok niya ngayon. Naliligaw si Bheng sa pasikut-sikot ng studio.

POLLIE

(kay Bheng, maangas)

Teh, ano sa’tin?

BHENG

Ahh... hinahanap ko po ang kwarto ni

Pareng Idol.

POLLIE

Audience? Audience ka?

Lilingon si Pollie sa paligid, sinisipat kung may ibang staff sa paligid.

POLLIE

Sinong nagpapasok sa'yo?

BHENG

Ay hindi po. Bagong Yes Yes Girl po.

Mawawala ang pag-aalala sa mukha ni Pollie. Ngingiti.

POLLIE

Ah... Pinatawag ka ni Idol?

Tatango si Bheng.

BHENG

I-meet daw po muna ako bago magsimula.

POLLIE

Tara.

Maglalakad si Pollie. Susundan siya nina Bheng at Ramil. Magalang na ngingitian nina Bheng at Ramil ang isa't isa. Makakarating sila sa…

22 INT. HALLWAY, LABAS NG DRESSING ROOM NI PARENG IDOL - DAY

Kakatok sa pinto si Pollie. Siya rin ang magbubukas nito. Makikita si PARENG IDOL, 55, kasama ang kanyang DRIVER at P.A. Hindi matago ni Ramil ang saya nang makita sa unang pagkakataon ang kanyang idol.

Mananatili sa labas ng pintuan sina Pollie, Ramil, at Bheng.

POLLIE

(kay Bheng)

Ngayon simula mo, ’di ba?

Tatango si Bheng.

BHENG

Mamaya.

POLLIE

Idol, nandito na’ng bagong dancer natin...

RAMIL

Pareng Idol!!!

PARENG IDOL

Kumusta? (magbibiro) May lalaki na tayong dancer?

POLLIE

(kay Pareng Idol)

Gusto mo ba ng lalakeng dancer?

(kay Bheng)

Anong pangalan mo?

Tatawa si Pareng Idol.

PARENG IDOL

Ginawa mo pa akong bakla.

BHENG

Bheng po.

Aakayin ni Pollie si Bheng para ipakita ang dalaga kay Pareng Idol.

POLLIE

Si Bheng daw. Papakilala daw muna

siya.

PARENG IDOL

Kala ko lalaking dancer na ibibigay niyo.

POLLIE

Puwede ba ’yun?

Tatawa sina Pollie at Pareng Idol.

PARENG IDOL

Papasukin mo na.

Magbibigay-daan si Pollie. Papasok si Bheng.

PARENG IDOL

Salamat, Pollie. Lakas ko talaga sa’yo, ‘no.

POLLIE

Yes, Idol. Ikaw pa ba.

Tatawa muli ang dalawa.

Isasara ni Pollie ang pinto at aalis sila ni Ramil. Seryoso ulit si Pollie.

RAMIL

Ang pogi pala niya sa personal.

Walang sagot si Pollie. Hindi interesadong makipagkwentuhan.

23 INT. DRESSING ROOM NI PARENG IDOL - DAY

Lalapit si Bheng kay Pareng Idol. Titingnan ni Pareng Idol ang mga kasama sa kwarto. Alam nila ang ibig sabihin ng tingin na ito. Lalabas ang Driver at P.A. ni Pareng Idol. Maiiwan sila ni Bheng sa kwarto. Magiging seryoso si Pareng Idol, kakausapin ang bagong dancer sa salamin.

PARENG IDOL

Miss Viral. Magaling ka ba talaga?

Hindi alam ni Bheng ang ibig sabihin ni Pareng Idol.

BHENG

Po?

PARENG IDOL

Gusto kong malaman kung magaling ka...

(sasaya ang boses)

sumayaw.

BHENG

Ah. Marunong po.

PARENG IDOL

Marunong lang? Hindi magaling?

Yuyuko sa hiya si Bheng. Ipipihit ni Pareng Idol ang upuan para humarap sa dalaga.

PARENG IDOL

Pakita nga.

24 INT. HOLDING AREA - DAY

Isasara ni Chona ang pinto ng banyo. Itataas niya ang pambaba at iaadjust ang perdible para sikipan ang suot. Uupo si Chona.

Ihahatid ni Pollie si Ramil na tatabihan si Chona. Nakangiti silang iwe-welcome ni JUDE, ang floor director ng show. Nasa holding area ang anim na CONTESTANTS at ang anim nilang COMPANIONS. May mga nametags sa kanilang dibdib. Kabilang sa mga contestants si Dante.

JUDE

Aaaand... we're complete. (beat) Good morning po ulit, ako si Jude ang floor director ninyo. Basically, brief orientation muna tayo sa mangyayari mamaya, especially sa blocking...

Sisikuhin ni Ramil si Chona. Hindi sila makikinig kay Jude.

RAMIL

Sabi ko sa'yo dyi-jingle lang ako.

CHONA

Oo nga. Saan ka pa ba umihi?

RAMIL

(dead pan)

Sa arinola.

CHONA

Talagang hahanapin ka. May banyo diyan oh.

Ituturo ni Chona ang banyo ng holding area.

RAMIL

Hulaan mo kung sino'ng nakita ko?

CHONA

Eh 'di si Madam, pinagalitan ka.

RAMIL

Alam mo bagay kayong magkapatid no'n.

CHONA

Ah ganoon? Paano kami...

JUDE

(kay Chona)

Ehem... Excuse me. Gets na ba?

Patagong tatawanan ni Ramil si Chona.

CHONA

Naman, Sir. Number one fans kami ng

Yes Yes Idol 'no.

Tatawa ang mga tao. Matatawa rin si Jude.

DANTE

Oo nga! Palagi naming napapanood sa TV. Kabisado ko na ’yan.

JUDE

I know. Pero iba ang nangyayari sa likod ng camera sa napapanood niyo sa TV.

Makikinig muli ang mga tao.

JUDE

(o.s.)

Going back. Basta after magbigay ng message, mag-stay lang ang companions until matapos ang...

Lalapit si Ramil kay Chona para bumulong.

RAMIL

(pabulong)

Hindi kayo magkamukha ni Ma’am. Pero pareho kasi kayong pinaglihi sa puwet ng manok.

CHONA

(malakas)

Hoy, Ramil, ’wag mo ’kong daldalin. ’Di ba makinig nga daw tayo kay Sir.

Pagtitinginan sila ng ibang contestants. Naisahan ni Chona si Ramil. Uupo nang ayos ang lalaki dahil napahiya.

25 INT. HALLWAY, SA LABAS NG REHEARSAL ROOM - DAY

Walang pagkatok na bubuksan ni Pareng Idol ang pinto. Nakaakbay siya kay Bheng. Makikita ang mga YES YES GIRLS na nagbibihis at nagme-make up sa loob.

PARENG IDOL

Eva, sandali lang.

Babatiin siya ng mga Yes Yes Girls. Lalabas si Eva.

YES YES GIRLS

Pareng Idol! / Hi! / Good morning.

PARENG IDOL

Hi, Girls.

Isasara ni Eva ang pinto.

EVA

Kumusta siya?

PARENG IDOL

Magaling. Magaling. Ma... talino.

(kay Bheng)

Ano pangalan mo?

BHENG

Bheng po.

PARENG IDOL

Ambantot. Isipan mo ng screen name. Sabak natin siya mamaya, katandem ni Olga.

Kikilatisin ni Pareng Idol ang katawan ni Bheng.

EVA

Para ngayong airing? Bongga, spotlight agad.

PARENG IDOL

Magaling ’to eh. Maganda pa. "Mayumi" bagay dito.

EVA

Gawan ko sila ng number ni Olga.

PARENG IDOL

Nandiyan na ba?

EVA

On the way pa lang.

(nanunukso)

May pumuyat yata kagabi.

Ngingisi si Pareng Idol.

EVA

Partner ba ang sayaw nila o pang-
showdown?

PARENG IDOL

Showdown. ’Yung sexy.

Kikindatan ni Pareng Idol si Eva.

PARENG IDOL

Oo, mabilis naman ’to pumick up si Mayumi.
Gusto mo ’yun na screen name mo?

Tatango si Bheng. Aalisin ni Pareng Idol ang pagkakaakbay sa dalaga at magpapaalam.

PARENG IDOL

Ikaw na bahala dito.

EVA

Yes, Idol.

Aalis si Pareng Idol. Papasok sina Eva at Bheng sa rehearsal room.

26 INT. REHEARSAL ROOM - LATER

Maluwag ang rehearsal room. May malaking salamin sa isang pader kung saan nakaharap ang mga dancers tuwing nag-eensayo.

Sinusukat ni Bheng ang costume na sunflower bikini. Medyo masikip ito sa kanya.

EVA

’Yun lang sinabi niya?

Tatango si Bheng.

BHENG

Tsaka... kailangan ko raw magpapayat kasi nakakataba ang TV.

EVA

Ay, ’Day, totoo. (beat) Walang gustong manood ng matabang dancer. Umay. Kaya ang diet, take note.

Papasok sa rehearsal room si OLGA, 24, ang alpha dancer ng grupo. Diva siya kung umasta.

EVA

May showdown ka mamaya.

Hindi iimik si Olga.

EVA

Mag-rehearse tayo ’pag ready ka na. Gusto ni Idol ng sexy showdown.

OLGA

’Mag-rehearse?’, eh showdown nga.

EVA

’Pag kayo nagkalat…

OLGA

Sino ba ka-showdown?

EVA

Ito.

Ngingiti si Bheng kay Olga.

OLGA

Anong tugtog?

Sesenyas si Eva. Magpe-play ang upbeat na kanta.

OLGA

(kay Bheng)

Pakita nga.

Papupuntahin ni Eva si Bheng sa gitna. Sa una ay nag-aalangang sumayaw si Bheng. Hahanap siya ng tiyempo para simulan ang sayaw. Panonoorin siya ni Olga pero hindi ito makikipag-showdown.

OLGA

Hindi naman magaling. Mas bata lang.

Tatalikuran ni Olga si Bheng at hihinto ang kanta. Magsisimula siyang mag-stretching.

27 INT. HOLDING AREA - DAY

Nakapila ang anim na contestants. Pumapalakpak sila habang isa-isang umaabante. Nag-eensayo sila ng magiging blocking sa show.

JUDE

Palakpakan. Vivian, balik kay Pareng Idol.

Pupunta sa gitna si Vivian. Ibibigay sa kanya ni Pollie ang prop na ‘gift pack’.

JUDE

Very good. Kunin ang gift pack at mag-
thank you.

Nag-aabang si Vivian ng sunod na instruction mula kay Jude.

JUDE

Go. ‘Salamat’...

Ituturo ni Jude ang nakasulat sa whiteboard:

1. ‘Network 8’
2. ‘Lahat ng sponsors’
3. ‘Pareng Idol’
4. ‘Lord’

Tahimik na binabanggit ng ibang contestants ang mga nakalista para maalala.

VIVIAN

Salamat sa bumubuo... lahat... sa lahat sa
bumubuo ng nek—nekwork 8. Ayyy,
puwede isa pa?

JUDE

No problem. Try mo tanggalin ang “bumubuo”.
Balik doon. (beat) Okay, everyone take note.
Madali lang ’to. ’Wag lang kabahan. Chill.

Isasauli ni Vivian ang gift pack kay Pollie at babalik sa pila.

JUDE

End of talent. Go.

Pupunta sa gitna si Vivian, kukunin ang gift pack.

VIVIAN

Salamat sa Network 8, sa lahat ng sponsors,
at sa Panginoong Idol— Ay!!!

Tatawa ang lahat sa pagkakamali ni Vivian. Kukunin ni Pollie ang gift pack.

JUDE

O sige, practice ka na lang mag-isa.

Babalik sa pila si Vivian.

JUDE

Ramil. Ready. (beat) End of talent.

Pupunta sa gitna si Ramil. Ibibigay sa kanya ang gift pack at kalmadong magsasalita.

RAMIL

Thank you po pala una kay Lord, sa
Network 8, sa isponsors, sa Yes Yes Idol at
kay Pareng Idol!

Palakpakan. Mapupukaw ng boses ni Pareng Idol ang pansin ng lahat. Nasa pintuan siya't nanunuod.

PARENG IDOL

Hanep, ang galing ni dancer ah!

Kahit wala sa harap ng camera ay makarisma pa rin ang pagsasalita ni Pareng Idol. Kanya-kanyang tili at hiyaw ang mga contestants nang makita ang number one idol nila.

Niyuyugyog ni Chona si Ramil.

CHONA

Diyos ko Lord!

PARENG IDOL

Mamaya gusto ko energetic kayo. ’Yung ganyan, happy happy lang. Ha. Okay ba?

Kanya-kanyang pagsang-ayon ang mga tao.

PARENG IDOL

Tandaan niyo, ‘wag niyong buksan ang gift pack habang nasa stage kayo, wala talagang laman ’yan.

28 INT. BAHAY NILA CHONA – DAY

Magigising si Ramil dahil halos mahampas na ni Chona ang mukha niya gamit ang karton.

RAMIL

Problema mo?

CHONA

’Yung daga.

Babangon si Ramil para hanapin ang daga. Hindi niya ito makita. Muli siyang hihiga. Aagawin ni Chona ang electric fan na walang takip mula kay Ramil at itututok sa kanya.

CHONA

May dumating ba? Dumaan dito?

RAMIL

Wala.

Uupo si Ramil at titingin sa kawalan, itututok sa kanya ang electric fan. Aagawin ulit ito ni Chona. Susuko na si Ramil. Ibibigay ni Chona ang cellphone kay Ramil.

CHONA

Paano mo malalaman, tulog ka lang
magdamag. Charge mo. Abangan mo ’pag
may mag-text o tawag.

Icha-charge ito ni Ramil gamit ang laspag nang charger. Gagapang si Ramil papupunta ng bintana, bubuksan ito at magsisindi ng yosi.

Kukunin ni Chona ang campaign tshirt ni Mayor at ihahagis ang isa kay Ramil.

CHONA

Pagkapananghalian, punta ka sa plaza.
Mangangampanya si Mayor. Sayang naman
’yung ibibigay, maambunan man lang tayo.

RAMIL

’Kaw na.

CHONA

Pauwi pa lang ako n’on.

RAMIL

Maaabutan mo ’yun.

CHONA

Sabihin mo dalawa tayong botante. Sayang

ang 600. (sisigaw) Igit, bilis!

RAMIL

Hating kapatid?

CHONA

Hating mag-asawa. 500 sa misis.

Isang daan sa mister.

RAMIL

Kurap!

Pupuntahan ni Chona ang pinamili at kukunin ang bestidang naukay. Ipagmamalaki niya ito kay Ramil.

CHONA

Maganda?

RAMIL

Ide-date mo ako?

CHONA

Sira! Sa plaza ka nga, ’di ba? Ito susuotin ko mamaya para presentable. Malay mo ako matipuhan... Sana.

RAMIL

Counted ba ’pag ikaw?

Hindi niya papansin ang tanong ni Ramil.

CHONA

Ano, bagay? Maganda ba?

RAMIL

Maganda. Ikaw pumili eh, kaya swak na swak.

Tititigan ni Chona ang bestida, dadamhin ang tela. Marahan niya itong itatabi.

Hihilahin niya ang isang timba papunta sa kanya. Maghuhubad. Kukuha ng bimpo, ilulublob ito sa timba at mag-aantanda. Gamit ang basang bimpo ay magkukuskos ng katawan si Chona. Ito ang kanyang pagligo. Makikita ang <u>kidney operation scar</u> sa tiyan niya.

CHONA

’Yung babaeng kasabay ko sa ukay, ayaw niya na nito (ang bestida). Tinapon na niya. Pinulot ko kasi type ko. Noong nakita niyang bagay sa’kin, aba gusto nang bawiin. Ayaw ata makakita ng masayang kapwa ni gaga.

RAMIL

Anong ginawa mo?

CHONA

Kilala mo ’ko, hindi ako aatras. ’Pag tama ako, tama ako. Hinihintay ko kung magsasalita si gaga. Wala. Buti hindi umimik.

Ubos na ang panligong tubig ni Chona. Aamuyin niya ang kilikili.

CHONA

Kunin mo ’yung tirang tubig. Tsk,
nagkukulong na naman.

Itatapon ni Ramil ang yosi sa labas ng bintana. Gagapang siya papunta ng kubeta at susubukang buksan. Nakasara ito.

RAMIL

Tagal mo. Marunong ka nang magsalsal?
Bata mo pa, huy! Haha!

Titingnan nang matalim ni Chona si Ramil—hindi nagustuhan ang biro. Lalapit si Chona sa kubeta at kakatok. Walang sagot. Itutulak niya ang pinto. Masisilip na wala sa loob si Igit. Nakaharang sa pinto ng kubeta ang timbang puno ng tubig. Bubuksan ni Chona nang todo ang pinto, wala talaga si Igit at bukas ang bintana ng kubeta.

CHONA

Tangina!

Mabilis na susuotin ni Chona ang hinubad na damit at lalabas ng bahay. Lilingon siya sa loob, umaasang kasunod si Ramil, pero mukhang magpapaiwan ito.

CHONA

Ano?!!!

RAMIL

(nag-a-alibi)

Uuwi din ’yun.

CHONA

Tangina maghanap ka!

Hihilahin niya palabas ng bahay si Ramil.

29 INT. STUDIO - STAGE / BACKSTAGE - DAY

Nanonood ng live feed sa backstage sina Ramil at Chona. Humihinga si Ramil sa bibig at sinasampal ang pisngi—kabadong-kabado.

POLLIE

Relax lang. Happy happy lang tayo.

RAMIL

Opo, Ma'am.

PARENG IDOL

(sa screen)

...Ito na ang sunod nating contestant... si Ramil!

Icu-cue ni Pollie ang pagpasok ni Ramil.

30 INT. STUDIO - STAGE – DAY [LIVE AIRING]

[4:3 ang aspect ratio ng "live airing". Ito mismo ang pinalalabas sa ere. May mga 'real-life scenes' ding magaganap sa studio na hindi makukunan ng camera ng show. Regular ang aspect ratio ng mga ito. Ito ang mga description na may salungguhin.]

Live airing ng Yes Yes Idol. Pumapalakpak ang audience. Pumapalakpak na pupunta si Ramil sa gitna ng stage kung saan nandoon si Pareng Idol at mga buzzers at mics na gagamitin sa elimination round.

PARENG IDOL

Alright, Ramil, kumusta ka?

RAMIL

Ayos ako, Pareng Idol. Masayang-masaya akong nakarating sa... Yes, Yes, Idol!!!!

Papalakpak ang audience.

PARENG IDOL

Tagasaan si Ramil?

RAMIL

Dito na nakatira sa Maynila pero tubong Laguna. (sa camera) Binabati ko ang mga kamag-anak at kaibigan ko diyan sa Pagjansan. Ako 'to! Artista na ako!

PARENG IDOL

Ayos ka rin, ano? Nakabati ka na agad. Hahaha. Anong trabaho natin, Ramil

Aayusin niya ang mikropono ni Ramil

RAMIL

Barker lang po, Pareng Idol.

PARENG IDOL

Naku, huwag mong nila-‘lang lang’ ang pagiging barker. Dapat proud ka sa trabaho mo kasi marangal ’yan.

RAMIL

Opo. Barker po ako!

PARENG IDOL

Kahol ka nga.

RAMIL

Bakit po?

PARENG IDOL

‘Di ba aso ang nagba-bark?

RAMIL

Ah… (Kakahol) Aw aw awww!

Tatawa ang audience.

PARENG IDOL

Ahahahhhh! ’Yung galit naman.

RAMIL

Arrhhhh. grh arg arg.

PARENG IDOL

’Pag may rabies?

Ilalabas ni Ramil ang dila at gagaralgal.

PARENG IDOL

(tatapikin ang ulo ni Ramil)

Good boy.

Masaya si Ramil at Pareng Idol sa maiksing katuwaan. Tawang-tawa naman ang audience.

PARENG IDOL

Ganoong barker ka ba?

RAMIL

Hindi, Pareng Idol. Aso naman ’yun eh.

31 INT. STUDIO STAGE / BACKSTAGE - CONTINUOUS

Nanood sa backstage si Chona, manghang nakikita ang mister sa stage ng Yes Yes Idol.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Ah, iba ba? Linawin mo. Malay ko ba.

Anong klaseng barker ba si Ramil?

RAMIL

(mula sa screen)

’Yung walang rabies, Pareng Idol. Barker

ng jeep.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Marangal ngang trabaho. Kung walang barker...

lahat tayo maliligaw.

Tatawa ang audience sa cornyng joke ng host.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

’Di ba?

RAMIL

(mula sa screen)

Yes, Idol.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Oh, sinong kasama mo ngayong hapon?

POLLIE

(kay Chona)

Okay, ready.

Tatango si Chona at pupuwesto sa entrance.

RAMIL

(mula sa screen)

Pinakikilala ko po pala at pinagmamalaki

ko sa buong mundo, ang pinakamaganda at

pinakamaalaga kong misis... Si Chona!

32 INT. STUDIO - STAGE – CONTINUOUS [LIVE AIRING]

Humihiyaw na pupunta sa gilid ng stage si Chona. Aabutan siya ni Jude ng microphone.

CHONA

Gandang hapon, Pareng Idol!

PARENG IDOL

Chona, magandang hapon din. Kumusta ka?

CHONA

Ayos lang. Ito, kinakabahan.

PARENG IDOL

Relax ka lang.

CHONA

Wheew. Nakakanerbyos pala sa TV,

Pareng Idol.

Umaatras abante si Chona. <u>Hahawakan ni Jude ang binti ni Chona para hindi ito maglikot.</u>

PARENG IDOL

Isipin mo tayo-tayo lang ang nandito para

hindi ka nerbyosin.

CHONA

Yes, Idol.

PARENG IDOL

Mabuting asawa ba itong si Ramil.

CHONA

Yes, Idol. Sobra. Masipag at walang bisyo,

PARENG IDOL

Aba. Good boy talaga.

(kay Ramil)

Si Chona ba good girl?

RAMIL

’Pag gabi. ’Pag tulog na siya.

Tatawa si Pareng Idol.

PARENG IDOL

Loko ka talaga.

(beat, kay Chona)

Chona, ano’ng gusto mong sabihin dito sa mister mo?

Hihinga nang malalim si Chona. Tensyonado pa rin siya.

CHONA

Ahhh, Ramil, tandaan mong nandito lang ako para sa’yo. Kahit ganyan ka, cute ka pala sa TV. ’Di, joke lang.

Tatawa si Pareng Idol at audience. Pipiliting tumawa ni Chona dahil nababasag na ang boses niya sa kaba.

CHONA

Tibayan mo palagi ang loob mo at lagi kang
makinig sa'kin para peace lang tayo.

33 INT. STUDIO STAGE / DIRECTORS ROOM - CONTINUOUS

Makikita ang maraming camera angles ng Yes Yes Idol. Pinanonood ng mga nasa control booth ang pagbibigay ng mensahe ni Chona.

CHONA

(mula sa monitor)

Kahit nakatira tayo sa ilalim ng tulay,

Pipitik si DIREK at magsisimula ang madramang musika. Unti-unti itong lalakas.

CHONA

(mula sa monitor)

Ang mahalaga ay magkakasama tayong buong
pamilya na humaharap sa buhay, sabi mo nga.
Sa hirap at ginhawa.

Nanginginig na ang boses ni Chona.

34 INT. STUDIO - STAGE – CONTINUOUS [LIVE AIRING]

Rinig na rinig na ang madramang tugtog. Titingala si Chona, animo'y hinahanap kung saan nanggagaling ang tunog. Iiyak siya nang peke, nagpe-perform at nagpapaawa.

CHONA

(pekeng pag-iyak)

Kahit paghahanap ng pagkain, nakakaiyak.
Minsan, ’pag wala talaga, matutulog na
lang.

May mga audience members na pinupunasan ang kanilang luha. Kinakagat ni Ramil ang labi.

CHONA

(pekeng pag-iyak)

Sana ang pagsali mo sa dito ang sagot sa
dasal natin. Para hindi na ulit...

Dahil sa hindi inaasahang bugso ng emosyon ay magiging totoo ang pag-iyak ni Chona.

CHONA

(tunay pag-iyak)

...mag ganito-ganyan. Basta, alam mo na ‘yun.
Tandaan mo lang, mahal kita kahit ganyan ka
at kahit ganito ako.

Tuluyang maiiyak si Chona at hindi na makapagsalita.

May mga studio audience at Yes Yes Girls na naiyak sa mensahe ni Chona. Kahit walang luha ay sasabihin ni Pareng Idol na naiyak din siya.

PARENG IDOL

Naiyak ako do’n. Ramdam ko si Chona.

Sasagot si Chona pero hindi maintindihan ang salita.

PARENG IDOL

Halika ka nga dito.

Ia-assist ni Jude si Chona papunta kay Pareng Idol.

Kukuha ng pera mula sa bulsa si Pareng Idol at ibibigay kay Chona.

PARENG IDOL

Ito... kaunting tulong sa'yo. Five thousand at gift pack galing sa'ting sponsors.

Matutuwa ang audience sa kabaitan ni Pareng Idol. Yayakapin ni Chona si Pareng Idol. Hahalikan din niya ang pisngi ng host. Pasimple nitong nilalayo ang mukha kay Chona. Ibibigay ni Olga ang gift pack kay Chona.

35 EXT. ILALIM NG TULAY - BAHAY NI GINA - DAY

Sinusuot ni Ramil ang tshirt na bitbit. Kumakatok sa mga kapitbahay sina Chona at Ramil.

RAMIL AT CHONA

Igit! Igit! Nandiyan si Igit?

Hindi kasing pursigido ni Chona ang paghahanap ni Ramil.

RAMIL

Igiiit?

KAPITBAHAY

Igit, nasaan ka? May inuwing pansit sa'yo.

(kay Ramil, nanunukso)

Papansit ka naman K'ya Ramil.

RAMIL

(bubulong)

Tang ina mo.

(kay Chona)

Wala.

CHONA

Kaya nga natin hinahanap!

RAMIL

Uuwi rin ’yun.

Babalik ng bahay si Ramil. Kamot-ulo lang si Chona sa walang-pakisamang mister.

Mararating niy Chona ang bahay ni GINA, 33.

CHONA

Nandiyan si Igit?

GINA

Wala. Kumuha pala si Kuya ng dalawang

bote kagabi.

Gustong magalit ni Chona sa hindi pagtulong ni Gina pero magtitimpi siya.

CHONA

Mamaya. Hanapin ko muna si Igit ha.

GINA

Ay nakita ko pala kanina, papunta daw

siyang kabilang riles... bago tumigil ang

tren.

Magugulat si Chona sa narinig at tatakbo papunta sa kabilang bahagi ng tulay.

36 EXT. RILES – SA KATABING BRGY - DAY

Natataranta si Chona. Kabadong-kabado na baka si Igit ang nasagasaan ng tren.

Makikita niya ang kumpulan ng mga tao. Pupunta siya sa harap nito pero wala na ang bangkay. Tanging sinindihang kandila at dugo na lang ang makikita sa riles at lupa. Maagaw ang pansin ni Chona ng isang MISIS, 55, na nagwawala at naglulupasay sa pagluluksa. Mapapanatag si Chona dahil alam niyang ang babae ang namatayan. Hahanapin niya si Igit sa mga miron.

Naka-squat si Igit sa tabi ng riles, may hawak na kuting. Tatapikin ni Chona ang balikat ng anak. Lilingon si Igit at agad na iiling nang makitang si Chona ang tumapik sa kanya. Ang pag-iling ni Igit ay magkahalong ’Ayokong umuwi’ at ’Hindi ako ang may kasalanan ng pagkamatay niya.’ Pero para kay Chona, ang nauna lang ang ibig sabihin ni Igit.

CHONA

Tara na.

Mapipilitang tumayo at sumama si Igit sa nanay niya pauwi.

37 EXT. RILES - DAY

Naglalakad pauwi sina Chona at Igit. Pine-pet ni Igit ang kuting.

IGIT

(sa kuting)

Anong gusto mong pangalan? "Mingming"?

(kay Chona)

Bagay sa kanya, ’Nay?

Kukunin ni Chona ang kuting at iiitsa sa gilid.

CHONA

Iwan mo ’yan. Hindi natin ’yan aalagaan.

Pupulutin ni Igit ang kuting

IGIT

(sa kuting)

Sorry.

(kay Chona)

Ako pong aalaga sa kanya.

CHONA

Bakit ka pa pumunta doon?

IGIT

Kakilala niyo si Mang Balot? Siya ’yung namatay. Nadurog katawan niya.

CHONA

‘Di ba binilin kong maayos ka na dapat pag-uwi ko?

Matagal na walang sagot si Igit. Tuloy lang sila sa paglalakad.

IGIT

Ako ’yung nakakita na nadurog ang katawan niya.

38 EXT. ILALIM NG TULAY - BAHAY NI GINA - DAY

Naglalakad pauwi sina Chona. Nagpe-pedicure ng sarili si Gina.

GINA

Saan mo nakita?

CHONA

Andoon.

GINA

Ate ha, kumuha si Kuya kagabi. Nilista ko na.

CHONA

Gina, pag walang pambayad, ’wag mong bigyan. Para naman tayong bago nang bago niyan.

GINA

Hayaan ko na lang magwala siya pag hindi pinagbigyan?

CHONA

Itulak mo sa ilog pag nagwala.

Tatawa ang dalawa.

GINA

Baliw! (beat) Pautangin ko na lang siya ng gin kaysa manggulo pa. Lahat nagrereklamo pag kumu-concert si Kuya Ramil.

CHONA

Yaan mo silang magreklamo. Bakit, sila may-ari ng tulay?

GINA

Ate... Doon lang tayo sa tahimik ang lugar natin.

CHONA

Gusto ng tahimik?

(malakas, iparirinig sa buong lugar)

’Wag tumira sa riles ng tren kung gusto ng tahimik!

Isang disappointed na ngiti ang isasagot ni Gina.

CHONA

Bayaran ko bukas. (beat) Basta ’wag mo nang pautangin. Pag nagreklamo, itulak mo talaga sa tulay ang gago. Sagot kita.

GINA

Sige ha.

Magpapatuloy sa paglalakad pauwi sina Chona at Igit.

39 INT. STUDIO - STAGE - DAY

Commercial break. Egress ng elimination round set up. Ingress ng para sa jackpot round. Dadating si Olga kasunod si Bheng. Nakasuot sila ng malaking jacket. Sasalubungin sila ni Jude para ituro ang blocking para sa showdown.

JUDE

(kay Olga).

So mauuna ka Olga, you know the drill...

(kay Bheng)

After her, i-introduce ka ni Pareng Idol, go here.

Hit your mark.

(sa pareho)

Then, showdown na. Whoever's chosen,

siya ang magja-jackpot girl. Okay?

Tatango si Bheng.

JUDE

(kay Olga)

Tell her na lang how it's done.

OLGA

As if naman! Ito, tatalunin ako?

JUDE

Ano ba? Hindi ko na matututukan ’yan.

OLGA

(condescending)

Sino ba nagmamadaling isabak agad ’to?

BHENG

(kay Jude)

Napapanood ko naman po palagi sa TV.

OLGA

Easyhan mo lang sa pangangarap, girl.

JUDE

(sa radyo)

Pollie, patulong nga. Sa jackpot girl.

Aalis si Jude para asikasuhin ang ibang tasks. Sisipol ang mga lalaking audience sa dalawang dancers. Kakaway at kikindat si Olga—gustung-gusto ang atensyon. Nahihiya naman si Bheng. Dadating si Pollie. Pupunta ng backstage si Olga.

POLLIE

Ano, handa ka na?

BHENG

Medyo kinakabahan pa.

POLLIE

Medyo lang? Mamaya mas malaki na ’yan.

BHENG

Hala, Teh!

POLLIE

Joke lang! ’Wag kang mag-ooverthink. Tandaan mo lang: presyo, bigay, tili. Pag nagsabi ng presyo si Idol, ibibigay mo ang offer, dagdag lang nang dagdag. Tapos pag tinanong na ‘Pera o Bayong’ ititili niyo din ang tanong. Ayun lang. Presyo, bigay, tili. AT!... ’Wag kalimutang gumiling.

BHENG

Sana hindi ako manalo sa showdown para sa likod na lang ako.

POLLIE

Anukaba. Sa una lang ’yang kaba. Masasanay ka rin. Practice na tayo?

BHENG

Tara, Teh.

CUTAWAY: Vini-video ng isang audience ang pag-eensayo nina Bheng at Pollie. Presyo, bigay, tili. Tumatawa ang dalawang babae tuwing sumasablay si Bheng.

POLLIE

Basta, relak lang. Haha!

JUDE

Live in 60! Pollie, clear diyan!

Maglalakad papunta sa backstage sina Pollie at Bheng.

BHENG

Salamat, Teh ha.

POLLIE

Nukaba. Tayo-tayo lang din magkakampi dito.

BHENG

Sino ba ang kalaban?

Tatawa ang dalawa.

POLLIE

Wala. Gusto mo ba humanap tayo?

Tutunog ang chimes ilang segundo bago mag-air.

40 INT. MRT - TAFT STATION - NIGHT

Maririnig ang bell at announcement sa tren.

MRT ANNOUNCER

(mula speakers)

Last station, Taft station. Ito na po ang huling istasyon.

Pikit na nakaupo sa loob ng train si Pollie. Nakanganga siyang nakasandal sa bintana.

Makakarating ang tren sa Taft.

Lalabas ang mga pasahero at hindi pa rin gagalaw si Pollie. Tatapikin siya ng isang BUNTIS para gisingin.

BUNTIS

Ate... Miss.

Niyuyugyog ng buntis ang braso niya. Matataranta ang Buntis dahil walang malay si Pollie, patay na yata, sa isip niya.

BUNTIS

Kuya Guard! Kuya Guard!

Dadating ang GUARD. Bago pa man siya makalapit kay Pollie ay iigkas na ito at maalimpungatan. Sisilip sa paligid si Pollie.

POLLIE

Taft na?

GUARD

Opo, Ma'am. Lumagpas na naman kayo.

POLLIE

Babalik pa 'to?

GUARD

Nag-last trip na.

Tatayo si Pollie at lalabas ng tren, bitbit ang isang maliit na bilao ng pansit.

41 EXT. APARTMENT NI POLLIE - VERANDA - NIGHT

Nag-iinuman sa veranda sina PRINCE at mga TROPA nito. Walo silang lahat. Papasok ng gate si Pollie at magsisigawan ang Tropa bilang pagsalubong kay Pollie.

TROPA

(tonong lasing)

Haaappy birthday to you.

Lalapitan ni Pollie ang anak para kunin ang sigarilyong nasa bibig nito.

POLLIE

Happy birthday, Prince.

PRINCE

Ano ba?!

Kukuha ng bagong yosi si Prince at sisindihan ito.

POLLIE

Tigilan mo ’yan.

PRINCE

Idol kita eh.

Iiling si Pollie dahil hindi mapasunod ang anak. Ilalagay niya ang bilao ng pansit sa mesa.

POLLIE

Pansit. Kayo na bahala dito.

Bubuksan ito ng isang katropa at sisingaw ang amoy nito. Papanis na.

KATROPA 1

May amats na, Tita.

Tatawa ang tropa maliban kay Prince.

POLLIE

Pwede pa ’yan. Hapon lang ’yan binili.

Aamuyin ito ni Pollie at ngingiwi. Aalisin niya sa mesa ang inuwing pansit.

PRINCE

Haaa...

TROPA

...ppy birthday to you.

Papasok ng bahay si Pollie. Sesenyasan ni Prince ang isang katropa na pumasok ng apartment: mukhang kanina pa nila ito napag-usapan.

ABEL

Tsk. ’Yoko, pre. Ikaw na lang...

PRINCE

Sige na, pa-birthday mo na sa’kin.

42 INT. APARTMENT NI POLLIE - KUSINA - NIGHT

Tinatapon ni Pollie ang pansit sa basurahan. Nanghihinayang sa nasayang na pagkain.

Tamihik na lalapit si Abel kay Pollie. Magugulat si Pollie nang makita si Abel.

POLLIE

Ay puke!

Matatawa si Abel pati rin si Pollie.

ABEL

Sorry, Tita.

POLLIE

Umimik ka kasi, Abel. (beat) Bakit?

ABEL

Hi— hingi daw po ako sa inyo ng... pambili
ng alak. Paubos na kasi, Tita.

POLLIE

Bakit hindi ang kaibigan mo ang humingi?

Walang imik si Abel. Alam nilang dalawa ang sagot. Kukunin ni Pollie ang wallet at kukuha ng P200 bill. Lalabas sila.

43 EXT. APARTMENT NI POLLIE - VERANDA - CONTINUOUS

Pupunta si Pollie sa inuman, kasunod si Abel. Tuluy-tuloy lang ang ingay ng tropa. Iaabot ni Pollie ang pera kay Prince. Hindi siya papansinin ng anak.

POLLIE

Kasya na ’to?

PRINCE

Iwan mo diyan.

Ilalapag ni Pollie ang P200 sa mesa. Kukunin ito ni Prince at iaabot kay Abel.

PRINCE

Pagkasyahin mo. Empi tsaka yosi natin.

44 INT. APARTMENT NI POLLIE - KWARTO - NIGHT

Mahimbing na natutulog si Pollie. Binubuksan ng lasing na si Prince ang wallet ni Pollie na nasa bedside table. Kukuha siya ng isang libo.

Magri-ring ang cellphone ni Pollie at dadapa sa sahig si Prince. Wala pa sa wisyo ay sasagutin ni Pollie ang tawag, halos muscle memory ang kilos niya.

POLLIE

Hello?

KAUSAP

(mula sa phone)

Hello, Ma'am? Si Telma po ito.

POLLIE

Sino?

KAUSAP

(mula sa phone)

Telma De Asis. Contestant niyo po noong July 12. Lalapit sana ako para sa tulong, naospital kasi...

Titingnan ni Pollie ang oras sa phone.

POLLIE

Alas dos na, anuba?! Hindi 'to charity. Delete niyo na number ko please.

Ibababa ni Pollie ang tawag at babalik sa pagtulog. Tahimik na lalabas ng kwarto si Prince.

45 EXT. APARTMENT NI POLLIE - VERANDA - DAY

Kasisikat lang ng araw. Naka-squat sina Prince at tatlo niyang katropa, lahat ay lutang at pula ang mata. Nakapalibot sila sa bagay na hindi pa natin nakikita. Maririnig ang walang tigil na pag-irit ng isang daga.

ABEL

Brad, kuha kayo ng nail cutter.

PRINCE

Gago, ’wag mong saktan.

KATROPA 2

Lunurin na lang natin.

KATROPA 3

Paano kung hinahanap na pala sila
ng parents nila? Haa haa haa.

KATROPA 2

(sa daga)

Bakit ikaw, ang ingay mo? *Squeak squeak.*

Gagayahin ni Katropa 2 ang iyak ng daga. Tatawa ang tropa.

KATROPA 3

Kung daga kayo tapos nahuli kayo sa flytrap,
iiyak kayo?

ABEL

Natural. Iyakin ang daga eh.

KATROPA 2

Tanga, malamang hindi. E di natunton ako.

PRINCE

Bobo niyo. Sino bang daga ang hindi iiyak pag mahuli sa flytrap. Ang flytrap, ginawa 'yan para sa langaw, hindi pandaga. Siyempre ngangawa siya. Daga na nga, pinagmukha mo pang tanga.

ABEL

Hayop, Prince, nag-birthday ka lang tumaas na IQ mo.

PRINCE

Sana mag-birthday ka rin.

Tatawa ang tropa, high na high na sila. Lalabas ng pinto si Pollie. Bagong gising at natataranta. Kukunin niya ang tuwalyang nakasampay.

POLLIE

Puta, puta... late na 'ko!

Makikita niya ang pipe at stash ng weed sa lamesita.

POLLIE

Prince! Hoy! Ano 'to?!

Titingin si Prince sa ina. Makikita na natin ang TATLONG BUBWIT na nakadikit sa flypaper na pinalibutan at pinagmamasdan ng tropa.

PRINCE

Good shit.

POLLIE

Tang ina mo, adik ka na?

PRINCE

(lutang)

Tang ina ko, late ka na.

Tatawa siya at mga katropa.

45 INT. AUDITION STUDIO - INTERVIEW HALL - DAY

Haggard si Pollie. Iniisip pa rin ang anak. Hihigop siya ng kape. Mga naging domestic helpers abroad ang contestant na hinahanap ngayon.

Papalapit ang auditionee na si LILIBETH, 42, at ANAK, 14. Pinipilit niyang kumilos nang ayos ang anak. Uupo sila sa harap ni Pollie. Babasahin ni Pollie ang form ni Lilibeth.

POLLIE

Hello, Ate Lilibeth.

LILIBETH

Hello po.

POLLIE

Anong kwento niyo?

LILIBETH

DH ako sa Hong Kong, magte-ten years na ngayong December.

Nagme-make face ang Anak—halatang inip na sa buong-hapong paghihintay.

POLLIE

Mahirap bang magtrabaho malayo sa
pamilya?

LILIBETH

Sobrang hirap po. Malaking sakripisyo.
Nakaka-home sick. Nakakalungkot mag-
isa. Pero kakayanin natin, para sa pamilya.

Iismid nang malakas ang Anak—hindi siya sang-ayon sa sinabi ni Lilibeth.

POLLIE

(sa Anak)

Yes, ano ’yun?

Titingin ang Anak kay Pollie at Lilibeth bago umirap.

LILIBETH

(sa Anak, pabulong)

Umayos ka nga.

(kay Pollie)

Pasensya na po.

POLLIE

’Wag kang mag-sorry, Ate. (beat) Balak
niyo pang bumalik sa Hong Kong?

LILIBETH

Ayaw ko na sana kaso walang magawa, wala
namang magandang oportunidad sa’kin dito.

POLLIE

So bakasyon lang ito, tapos balik na naman sa Hong Kong?

LILIBETH

Oo. Two weeks lang bakasyon ko. Nasaktuhan pang mga naging-DH ang hinahanap niyo. Takbo agad kami dito! Sana ako ang matanggap para stay put na ako sa Pinas. Magtatayo siguro ako ng maliit na sari-sari. Tsaka unang beses kong magpapasko dito sa loob ng sampung taon kung manalo.

ANAK

(nangungutya)

Baka manalo.

Magpapanting ang tenga ni Pollie.

POLLIE

Dalawang linggo lang meron ka kasama ang mama mo. Padama mo namang masaya kang kasama siya. Kung alam mo lang ang sinasakripisyo niya. Ano, ayaw mo makapasok kayo? Sana hindi na kayo pumunta.

Beat. Yuyuko sa hiya ang Anak.

POLLIE

Sinasayang lang pala natin oras nating lahat

dito.

46 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Makakarating sina Chona at Igit sa bahay. Umiinom ng gin si Ramil.

RAMIL

Saan ka galing?

Itatago niya ang gin.

CHONA

Ligo na.

IGIT

Pawis pa ’ko eh.

CHONA

(kay Ramil)

Kilala mo ’yung Balot?

RAMIL

Oo, nagpapa-ending. Umaabot dito minsan.

Pilit na inaalala ni Chona si kung sino si Balot. Nasa sulok si Igit, nilalaro ang kuting.

RAMIL

’Yung sa bato *(kidney)* mo.

CHONA

Ah, siya. Buti namatay na.

RAMIL

Bakit?

Palakas nang palakas ang ingay at patindi nang patindi ang uga ng lugar. Uulan ng mga alabok at semento mula sa kisame. Lumalakas ang boses nila para labanan ang ingay ng makina.

CHONA

Nasagasaan. Kaya pala walang dumadaan... kanina. Ikaw kaya pumalit sa kanya?

RAMIL

Bubulagta ako sa riles?

CHONA

Tanga! Magpa-ending, para may pagkakitaan ka.

Hindi iimik si Ramil. Halata sa kilos niya na ayaw niya ang topic.

CHONA

Malay mo, ganoon hanaping contestant balang araw. Mag-audition ka. Baka manalo tayo ng jackpot. ’Di ba. May pambabayad na tayo doon sa mga gago, isang gives.

IGIT

Para hindi na ako aabsent?

Nasa taas na nila ang tren. Matindi na ang pagbuhos ng alabok mula kisame.

RAMIL

(kay Igit)

Maligo ka na nga!

Iiling si Igit kay Ramil. Iiling si Chona sa pagbalewala sa kanya ng mister. Nakalayo na ang tren. Huminto na rin ang pagbuhos ng dumi mula kisame.

IGIT

Nay, okay na po ang uniform ko?

CHONA

Oo, maligo ka na.

Kukunin ni Chona ang nakahanger na school uniform ni Igit para ipagpag ang dumi. Nagmamasid si Igit sa kanyang ina. Makikita ni Chona ang pūnit sa puwetan ng school shorts ni Igit.

IGIT

’Yung daga, nginatngat po ’yan. Sabi ko na nga ba.

Hindi ito nginatngat ng daga. Ang punit ay gupit ng isang matalim na bagay. Titingnan lang ni Chona ang anak, dismayado. Kukuha siya ng malinis na brief ni Igit at ibibigay sa anak.

IGIT

Hindi na tayo makakaalis.

CHONA

Maliligo ka o ako magpapaligo sa’yo?!

Papasok si Igit ng kubeta at isasara ang pinto. Hahalughugin ni Chona ang mga abubot sa bahay. Mahahanap ang sinulid at karayom. Magsisimulang tahiin ang shorts ni Igit.

47 INT. KUBETA, BAHAY NILA CHONA - DAY

Susubukang buhatin ni Igit ang timba pero mabigat ito. Kukuha siya ng isang tabong tubig at itatapon.

CHONA

(nagbabanta, o.s.)

Sige, maglaro ka!

Idadawdaw ni Igit ang mga daliri sa timba at wiwisikan ang kanyang mukha. Hindi niya magawang maligo. Itutulak niya ang timba. Tataob ito at matatapon ang laman.

IGIT

Nadulas 'yung timba!

Bubuksan niya ang pinto. Sisilipin ni Chona ang timba. Wala na itong laman.

CHONA

Bwiset, ako ang nag-igib niyan!

(kay Ramil)

Igib ka.

RAMIL

Kaw na. Pagkaguluhan pa ako ng fans ko.

CHONA

Tangina naman. Iimpis na ’yang
braso mo. Gumalaw-galaw ka kaya.

Hindi iimik si Ramil. Ilalapag ni Chona ang tinatahi. Padabog niyang kukunin ang dalawang timba: ang nasa kubeta at ang ginamit niya sa pagkuskos. Pipikit si Chona para pakalmahin ang sarili at pagilang magalit.

49 INT. STUDIO - BACKSTAGE / STAGE - DAY

Didilat si Bheng, matindi ang kaba niya. Nire-retouch ni Pollie ng foundation ang oily na ilong ni Bheng. Ibubulsa niya ang foundation.

BHENG

Salamat po, Teh.

Panay ang hinga ni Bheng nang malalim para kumalma, pinanood niya sa screen ang paggiling ni Olga sa stage. Pinanood naman siya nina Chona at Ramil.

POLLIE

Kaya mo ’yan!

BHENG

Kakayanin. Napasubo na eh.

Hindi mapakali sa isang tabi si Bheng. Mapapansin ni Pollie ang sirang strap ng sunflower bikini ng dancer.

POLLIE

Shet. Kanina pa ’to?

Lilingunin ni Bheng ang kanyang likod at makikita niya ang strap na nginatngat ng daga.

BHENG

Hindi ko po napansin.

Natataranta na si Pollie.

POLLIE

Shet shet shet.

BHENG

Magpapalit na lang po ako.

Sisilip si Pollie sa screen, alam niyang malapit nang pumasok si Bheng.

POLLIE

(sa radio)

Nginatngat strap ng bra ni Mayumi.

BHENG

Hindi naman sira.

POLLIE

’Pag lumuwa ang suso mo sa tv, lahat tayo

walang trabaho bukas.

Lalapit si Chona. Dahil sa nerbyos ay pagtataasan ni Pollie ng boses si Chona.

POLLIE

(kay Chona)

Ano ka ba? Doon ka lang!

Itataas ni Chona para ipakita ang inaalok na perdible.

CHONA

Para hindi maano.

Mabilis na kukunin ni Pollie ang perdible at ikakabit sa strap ni Bheng para masigurong hindi ito mapipigtal.

CHONA

Good luck ha.

BHENG

Thank you, Ate. Good luck din. Tsaka congrats!

Matatapos sa split ang sayaw ni Olga at magpapalakpakan ang mga tao.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Olga, ladies and gentlemen.

Magba-bow si Olga.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Balita ko may humahamon daw sa'yong bagong Yes Yes Girl. Mas magaling daw siya.

Babalik sa upuan si Chona na hawak ang pang-ibaba dahil bahagyang lumuwag na ito.

POLLIE

(kay Chona)

Ate. Sorry.

Ngingiti si Chona kay Pollie.

OLGA

(mula sa screen)

Issue ka, Pareng Idol.

Tatawa sila Pareng Idol at ang audience.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Mag-showdown kaya kayo? Para makita natin kung sino ang mas magaling.

(sa audience)

Gusto niyo ba ng showdown?

Maghihiyawan ang audience.

POLLIE

(sa radio)

Okay na kami. Yes, ready to go.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Game ka bang mag-showdown ngayon.

OLGA

(mula sa screen)

Lavarn, Pareng Idol!

Mag-aantanda si Bheng. Itataas ni Ramil ang kamao para i-cheer ang dalaga.

CHONA

Go, Mayumi!

Ngingitian ni Mayumi ang mag-asawa.

PARENG IDOL

(mula sa screen)

Tawagin na natin. Ang batang-bata, maganda, sexy at pinakabagong Yes Yes Girl. Ang magiging bagong crush ng bayan! Si Mayumi!

Icu-cue ni Pollie ang pagpasok ni Bheng.

50 INT. STUDIO - STAGE – DAY [LIVE AIRING]

Malakas ang tugtog, sintaas ng energy ni Bheng. Gumigiling siya habang papunta sa tabi ni Pareng Idol. Palakpakan ang audience—lalo na ang mga lalaki.

Hihinto ang tugtog at po-pose si Bheng sa tabi ni Pareng Idol.

PARENG IDOL

'Mayumi', gandang pangalan. Handa ka na bang magpasaya ng sambayanang Pilipino.

BHENG

Yes, Idol! Handa na!

PARENG IDOL

Ladies and Gentlemen. Ito na po sina Olga
at Mayumi!

Magbabago ang lighting at magsisimula ang ibang tugtog.

Magsho-showdown sina Olga at Bheng. Kahit mas bihasa sa paggiling at mga senswal na galaw si Olga ay hindi pahuhuli si Bheng. Nag-aalangan at nahihiya pa noong una si Bheng pero itotodo niya rin ang sayaw. Tuwang-tuwa naman sa panonood si Pareng Idol at mga lalaking audience.

Painit nang painit ang kanilang laban.

Matatapos ang showdown at maghihiyawan ang audience sa tuwa. Magyayakapan ang dalawang dancers.

PARENG IDOL

Ayos ba? Magaling?

AUDIENCE

Oo!

PARENG IDOL

Sino ang mas magaling... Si Olga?

Ituturo ni Pareng Idol si Olga. Magsisigawan ang audience.

PARENG IDOL

O si Mayumi?

Ituturo niya si Bheng. Magwawala ang audience. Siya ang panalo. Tanggap ang pagkatalo, isstretch ni Olga ang kamay at papalakpakan si Bheng. Pupunta sa gilid si Olga, kasama ng ‘regular’ Yes Yes Girls.

PARENG IDOL

Ang bagong jackpot girl... Mayumi!!!

Magba-bow si Bheng.

Pupuntahan ni Bheng ang transparent box na puno ng play money. Tutugtog ang upbeat at sexy na kanta. Gumigiling na itutulak ni Bheng ang transparent box—masyadong senswal ang sayaw niya. <u>Malagkit ang tingin ng tao sa kanya. Tinatago n Bheng ang hiya at kaba.</u> Itutulak niya ang transparent box sa gitna ng stage.

51 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Magkatabing naglalakad sina Pollie at Bheng. Nakabihis na si Bheng ng pang-uwi. Inaayos pa niya ang kasusukbit lang na bag.

BHENG

Bakit daw po?

POLLIE

Wala naman. Pinatawag ka lang niya. Uy, congrats pala sa showdown.

BHENG

Salamat.

POLLIE

So kumusta ang first day?

BHENG

Masaya na nakakapagod na nakakaiyak.

POLLIE

Nakakaiyak?

BHENG

Ah, I mean... Ano, ’yung sa contestant. Nakakaiyak. Mas nakakaiyak kaysa sa tv.

POLLIE

(matatawa)

Masasanay ka rin.

BHENG

Matagal ka na dito, ’Teh?

POLLIE

Twelve years na. Nag-contestant ako sa Yes Yes Idol dati. Hindi nanalo ng jackpot pero sinwerteng mabigyan ng trabaho.

BHENG

Totoo?! Angas! Sana maka-twelve years din ako.

POLLIE

Tanong mo kung anong trabaho binigay sa'kin.

BHENG

Ano, 'Teh?

POLLIE

Yes Yes Girl.

Hindi maka-react si Bheng. Hindi siya sigurado kung nagbibiro ang kausap.

BHENG

Ah.... wow.

Sandaling katahimikan.

POLLIE

Ako 'to, si Yes Yes Girl Harley!

Mare-realize ni Bheng na kamukha nga ni Pollie si Harley.

BHENG

Ay! Oo nga!!!

POLLIE

Kaso... lamona. (ituturo ang matabang katawan) Naligwak papunta sa backstage.

Magalang na ngingiti si Bheng.

POLLIE

Kaya ikaw, ingatan mo 'yang figure mo.

BHENG

Sabi nga rin ni Tita Eva. (beat) Sana tumagal ako dito.

Makikita nila Pollie sina Chona at Ramil na mabilis na naglalakad papunta sa dressing room ni Pareng Idol. Susundan sila nila Pollie.

POLLIE

Isapuso mo lang ang title ng show, tatagal ka.

52 INT. HOTEL ROOM - NIGHT

Mag-isang nakahiga sa kama si Bheng. Katatapos lang niyang makipag-sex. Titingnan niya ang naka-lock na pinto ng banyo, bukas ang ilaw sa loob nito at may taong nagsa-shower.

Lalabas ng banyo ang si Pareng Idol, nakatapis lang. Uupo sa kama si Bheng. Blangko ang mukha niya habang nanonood sa mabilis na pagbibihis ng nakatalik. Susubukang halikan ni Pareng Idol ang labi ni Bheng pero iiwas ito. Aalis si Pareng Idol at iiwan si Bheng mag-isa sa kwarto.

53 INT. SHAWARMA PLACE - NIGHT

Medyo basa pa ang buhok ni Bheng. Mag-isa siyang kumakain ng shawarma rice. May softdrinks in can din siya. Sarap na sarap siya sa kinakain.

Dadating ang waiter dala ang basong puno ng yelo.

BHENG

Kuya, isa pang order ng shawarma.

Salamat.

Tatango ang waiter at aalis. Isasalin ni Bheng ang softdrinks sa baso.

54 EXT. POSO - DAY

Ilalapag ni Chona ang mga timba sa poso at mag-iigib. Dadating ang isang padyak na may dalang mga container ng tubig. Pipila sa poso si LOTUS, 37, lalaki, walang pang-itaas, batak ang katawan.

LOTUS

Si Kuya Ramil?

CHONA

Nasa bahay.

LOTUS

Shot kamo.

CHONA

Inom na naman magtatanghali pa lang.

LOTUS

Minsan lang ako mag-aya.

CHONA

Sabihan ko kapag bumangon.

LOTUS

Nakahilata na naman?

CHONA

Alam mo naman ’yun. Feel na feel na heartbroken siya.

Nasa malayo ang Misteryosong Lalaki. Pinanood si Chona. May tatawagan ito sa cellphone. Kahit nakita ni Chona ang Lalaki ay hindi niya ito bibigyang pansin.

LOTUS

Parang si Balot ba? Hahaha.

CHONA

Nagpakamatay kaya?

LOTUS

Ewan. Siguro. Problemado ’yun noong nilayasan ng asawa pero alam ko nagkabalikan na sila eh.

CHONA

Ay, hilahin mo si Ramil mamaya. Punta kayo sa plaza, papaambon si Mayor. 300 din ’yun.

LOTUS

Paambon lang? Ayaw pang gawing ulan, yaman-yaman na nga ni Sapico. Napunta pa

nga daw sa kanya yung budget ng pabahay.

(beat) Naka-register ka doon sa pabahay?

CHONA

Oo, ‘no. Pumirma ako. Pang-dose pa nga ako sa lista.

LOTUS

Wala nang bahay. Binulsa na ata talaga.

Bubuhatin ni Chona ang mga timba. Ipupuwesto ni Lotus ang kanyang container sa poso.

CHONA

Kaya nga makigulo kayo mamaya, para may masoli naman sa’tin.

LOTUS

Sige, Te Chons. Kukubra tayo.

Ngingisi si Chona at aalis dala ang mga timba. Sasakit ang tiyan ni Chona pero iindahin niya ito. Hihinga sa bibig at maglalakad sa initan.

55 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Pinapasok ni Chona ang mga inigib na timba. Dadalhin ang isa sa ’kusina’ nga bahay.

CHONA

Nag-aaya si Lotus sa plaza mamaya. ’Yan ha, may kasama ka na.

RAMIL

May tumawag sa cellpon.

CHONA

Alam ko. Nakita ko ang mga tao ni Bochog. Sinagot mo?

RAMIL

Siyempre. Pero binabaan ako.

Ilalagay ni Chona sa loob ng kubeta ang isang timba. Papasok si Igit.

CHONA

(kay Igit)

Umayos ka.

Isasara ni Igit ang pinto. Itutuloy ni Chona ang pagtahi ng shorts ni Igit.

RAMIL

Di bale tatlo na lang.

CHONA

Tangina mo. Dapat nga walang ganito. Pasok ka kasi nang pasok sa usapan, hindi mo naman iniintindi.

Sasalok si Ramil ng tubig at maglalagay sa takure. Magpapainit siya ng tubig sa kalan.

Iininspeksyon ni Chona kung maayos na ang shorts ni Igit.

RAMIL

Wala na tayong magagawa.

Mahihinto si Chona sa narinig.

CHONA

(mataas ang boses)

Walang magagawa?!

RAMIL

(sa sarili)

Ito na siya. Tatalak na...

56 INT. KUBETA, BAHAY NILA CHONA - DAY

Nasa harap ni Igit ang timbang may tubig. Iniisip niya kung anong gagawin dito. Huhubarin niya ang damit at isasampay. Idadawdaw niya ang darili at mag-aantanda, gaya ng nakagawian.

CHONA

(o.s.)

Ikaw lang ang walang GINAGAWA! Ano, lagi kang nakahilata? Kung hindi nakahilata, lasing? Pag hindi lasing, magmumukmok? Wala ka sa tv, hindi mo pagkakakitaan ’yang pagda-drama mo!

Nasa loob ng kubeta ang daga, pinanonood si Igit. Makakatitigan ni Igit ang daga bago niya ito sabuyan ng tubig. Tatakbo palabas ang bubwit.

MATCH CUT TO:

57 INT. TV NETWORK - MONTAGE - **WORM'S EYE VIEW**:

57A INT. REHEARSAL ROOM - DAY

Pinanonood ng daga ang pagfi-fit ng bagong costume ng Yes Yes Girls. Ito na ang pinakamaiksi at bulgar nilang susuotin. Skin-tone na lace bikinis. Nasasaksihan ng daga ang kanilang pagsalungat sa bagong bikinis. Tatakbo ang daga at makakarating sa...

57B INT. BATHROOM - CONTINUOUS

Pinanonood ng daga ang pagdukot ng isang Yes Yes Girl sa lalamunan para piliting sumuka. Maduduwal siya pero wala nang mailabas na pagkain. Lalabas ang daga at pupunta ng...

57C INT. AUDITION STUDIO - CONTINUOUS

May mga batang babaeng maiiksi ang suot na nag-o-audition para sa isang teleserye. Edad 4 hanggang 10. Kasama sila ng kanilang mga nanay. Iikot sa kwarto ang daga, tila

may naamoy na pagkain. Habang patagong naglilibot ay maririnig niya ang bahagi ng mga usapan ng mga batang auditionees at kanilang magulang.

BATA 1 (VO)

Hindi pa tayo uuwi?

NANAY 1 (VO)

Unang sagot pa lang, bibo na dapat.

BATA 2 (VO)

Gutom na ako mommy.

NANAY 2 (VO)

...Sasabihin ng classmates mo idol ka nila.

NANAY 3 (VO)

Umayos ka, tatampalin na kita.

Hihinto ang daga sa nakakalat na chichirya. Papasok siya dito para kumain.

BATA 3 (VO)

(umiiyak)

Mama, ayoko na po.

NANAY 3 (VO)

Tatahan ka o tatampalin ko bunganga mo?

Dadamputin ng isang bata ang chichiryang kinakainan ng daga at titili. Magtitilian ang mga tao. Tatakbo palabas ang daga.

57D INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Walang tao sa hallway, ligtas na makakapaglakad ang daga. Liliko siya pakanan at biglang hihinto.

**[End of worm's eye view.]**

Nakadikit sa fly paper ang daga. Walang tigil na iirit at gustong makatakas. Makikita si Bheng sa di kalayuan, blonde ang kanyang buhok.

58 INT. REHEARSAL ROOM - DAY

Papasok si Bheng sa rehearsal area. Ito ang parehong araw ng eksena sa drugstore.

Hindi na miyembro ng Yes Yes Girls si Olga at si Bheng na ang alpha dancer. May makikita siyang bagong mukha. Si PIA, 18, mas bata sa kanya at mala-anghel ang ngiti nito. Sa unang tingin ay aakalaing menor si Pia.

YES YES GIRL 1

Aga natin ha.

Hindi siya papansinin ni Bheng. Aayusin ni Bheng ang kanyang gamit sa gilid at magsstretch. Tatayo sa harap ni Bheng si Eva.

EVA

Anong oras na? Naging Olga version 2 ka na?

Hindi titingnan ni Bheng ang choreographer. Naka-focus siya sa stretching.

BHENG

Tita Eva, sinabi ko na, kung gusto niyo
akong hindi ma-late, kayo mismo
kumausap kay Pareng Idol. Kasi ako gusto
ko rin magsayaw nang may pahinga.

EVA

May showdown kayo mamaya ng bago.
'Pia' daw.

Ngingitian ni Bheng ang bagong miyembro. Sinsero ang kanyang ngiti. Ngingiti pabalik ang baguhan.

BHENG

Game, practice tayo.

Tatayo si Bheng at Pia sa harap ng salamin. Makikipagkamay siya sa baguhan.

BHENG

Mayumi. Galingan natin mamaya!

59 EXT. SMOKING AREA - DAY

Lalapitan ni Jude si Pollie na nagsisigarilyo.

JUDE

Kumain ka na?

POLLIE

Mamaya. Bongga ng padespedida ha.Wala na talagang makakaawat?

JUDE

Sure na sure na.

Magsisindi si Jude ng yosi.

POLLIE

Good luck sa... kung saan ka man dadalhin ng buhay.

JUDE

Thanks. (beat) Ano pinayagan kang umabsent?

POLLIE

Hindi. Sino daw ang mag-iinterview?

JUDE

Hina mo pala eh. What’s your plan?

POLLIE

Sabihing hindi ako makakapunta. Expected naman ni Prince na hindi ako dadating.

JUDE

Ang importante naman eh sa graduation niya, hindi ka na aabsent.

POLLIE

Ewan ko na lang kung may pasok pa ako noon.

JUDE

O kung gagraduate si Prince.

POLLIE

Tungak gagraduate ’yun. Subukan niya lang.

Tahimik. Ngingiti si Pollie sa naiisip.

POLLIE

Alam mo, sa dinami-dami ng ini-interview ko, hawi pa lang ng buhok, alam ko na kwento nila. At kung totoo ba, o nagpapaawa lang, o kung may tinatago. Pero sarili ko mismong anak, hindi ko kayang basahin.

JUDE

’Wag mo kasing basahin. Kausapin mo. Hindi kasi kayo nagha-heart to heart eh.

POLLIE

Ewww. Ano, contestant?

JUDE

Why not?

POLLIE

Sa bagay, naisip ko nga kung maging contestants kami ngayon, mas madaling mag-heart to heart at magkaayos sa harap ng camera.

JUDE

’Yung totoo, Pollie. Hindi ’yung for show. (beat) Baka phase niya lang ’yan. Teenager, hindi cool maging close kayo.

POLLIE

Hindi. Hindi na talaga kami magkakilala dahil sa trabaho. (beat) Paalam ko noon sa kanya, maglalaro ako sa TV para ipanawagan ang tatay niya... magsi-six lang siya noon. Siguro feeling niya hanggang ngayon hindi pa rin ako umuuwi.

Sandaling katahimikan.

JUDE

Mag-uwi ka na kasi ng bagong Papa para happy family na kayo.

POLLIE

Wow ha. Pero malay natin through Yes Yes Idol ko pa rin matunton ang tatay niya.

JUDE

Kung ayaw magpakamagulang ng isang tao, kahit anong asa mo, hindi siya magpapakamagulang.

Katahimikan. Mapapaisip si Pollie sa sinabi ni Jude.

POLLIE

O siya, andiyan na auditionees ko.

Papatayin ni Pollie ang upos ng sigarilyo. Aalis si Pollie.

60 INT. REHEARSAL ROOM - DAY

Tapos na ang episode sa araw na ito. Masayang papasok ng rehearsal room si Bheng, bitbit ang paper plate na may pansit at lumpiang shanghai. Sabik nang kakain si Bheng ng pansit nang hablutin ni Eva ang kamay niya.

EVA

Hita mo, pata na.

Titingnan ni Bheng ang kanyang tiyan at hita. Magkikibikit-balikat at akmang isusubo pa rin ang pansit. Kukunin ni Eva ang plato ni Bheng at aalis. Walang magawa si Bheng kundi tingnan nang masama si Eva.

61 INT. BATHROOM - DAY

Nakaupo sa inidoro si Bheng. Kukunin niya mula sa supot ng drugstore ang pregnancy test kit na binili kaninang umaga.

SA LABAS NG CUBICLE, nakatitig sa salamin si Pollie, nakikita niyang mas malalala na ang eyebags niya. Binabatak niya pataas ang mukha. Biglang hihiyaw mula sa cubicle si Bheng. Magugulat si Pollie. Ilalapit ni Pollie ang mukha sa pinto ng cubicle at mauuntog nang bigla itong magbukas.

BHENG

Ay, sorry, Teh Pollie.

Yayakapin ni Bheng si Pollie sa sobrang tuwa.

BHENG

Delayed lang! Delayed lang ako!!!

62 INT. TV NETWORK - HALLWAY (SA LABAS NG REHEARSAL ROOM) - DAY

Naglalakad sina Bheng at Pollie habang pumapapak ng lumpiang shanghai na nakalagay sa plastic cup.

POLLIE

Paano kung nag-positive?

BHENG

Siguro itutuloy ko. Malamang itutuloy ko.

POLLIE

Kahit, kunyari... sabihin natin, ipatanggal ka
niya dito? Tas hindi raw siya susuporta?

BHENG

Kebs. Di wag. Mahirap lang, pero hindi
imposible maging single mom.

POLLIE

Truth! Teka…

Makakarating sila sa labas ng rehearsal room. Kakatok si Pollie bago buksan ang pinto. Lalayo sa pintuan si Bheng para hindi makita ni Eva. Susubo siya ng lumpia.

POLLIE

Pia?

Lalabas si Pia.

PIA

Opo?

POLLIE

Punta ka raw kay Idol.

PIA

Yes po.

Aalis si Pia.

BHENG

Sa loob si Tita?

POLLIE

Oo. Nasaan na tayo?

Dudukot ng lumpia si Pollie at kakain.

BHENG

Single blessedness.

Tatawa si Pollie.

POLLIE

Ako, noong una at huling beses akong nag-PT, nagpositve. Pag-iisipan ko kako, eh matagal ako mag-isip... Hehe inabot ng pangsiyam na buwan.

BHENG

At least, nakaisa ka. O di ba, siguradong walang pagsisisi noong tao na siya.

POLLIE

Wala naman. Sana lang naging maayos kami. Kami na nga lang magkasama, malayó pa kami.

Walang masagot si Bheng.

POLLIE

Mag-resign na rin kaya ako?

BHENG

Ha? Bakit?

POLLIE

(thinking out loud) Tama ’yung sinabi ni Jude. (kay Bheng) Siguro ayun iniisip sa’kin ng anak ko, na ayaw kong magpakamagulang sa kanya.

BHENG

Ate, pinapag-aral mo siya, pinapakain, mahal mo, ginagawa mo lahat para sa kanya.

POLLIE

Bumabalik sa isip ko ’yung contestant (inaalala ang detalye ng kwento)--noong first day mo!-- ’yung sinabi niya, araw-araw kong naiisip.

Kukusot ang mukha ni Bheng. Inaalala kung sinong contestant noong first day niya.

63 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Kukunin ni Ramil ang takure at dadalhin sa lamesita. Bubuksan niya ang garapong may maliit na sachet ng kape. Pati rin ang dalawang cup noodles na ginawang tasa.

Tapos nang magtahi ng shorts si Chona. Susuotin na niya ang bestida. Masama pa rin ang tingin niya kay Ramil.

Hahatiin ni Ramil ang kape sa dalawang tasa at lalagyan ng mainit na tubig. Hahaluin niya ang mga kape gamit ang tiniklop na sachet.

Isasampay ni Chona ang polo at shorts ni Igit.

RAMIL

Oh. Kape tayo.

CHONA

Palamigin mo muna.

Ilalapag ni Ramil sa sahig ang kape ng misis at iinumin ang sa kanya. Sisilipin ni Chona ang cellphone.

CHONA

Hoy, Igit, bilisan mong maligo!

RAMIL

Hayaan mo lang para makapaglinis nang maayos. Patapos na ‘yan.

Maririnig ang papalapit na tren. Sa pagdaan ng tren ay uuga ang bahay, parang niilindol, at malulunod sila sa ingay ng busina at makina ng tren. Magsisimulang mahulog ang mga alabok at semento mula sa tulay.

CHONA

’Yung kape!

Hahangos ang dalawa papunta sa kape ni Chona. Sabay nila itong tatakpan ng kamay. Dahan-dahan nilang iaangat ang mga kamay para silipin ang lagay ng kape. Puting-puti na ang kape ni Chona, nabudburan ng alabok at semento.

CHONA

Tang ina.

Aasarin siya ni Ramil.

RAMIL

Uy, may pa-coffee mate si Mayor

sa'yo. Haluin mo na lang.

CHONA

Ina mo! Sayang.

Sandaling tititigan ni Chona ang kape bago ito hihigupin. Masama ang lasa. Idudura.

Ipaiinom ni Chona ang kape sa alagang kuting.

CHONA

Timpla ka ng bago.

RAMIL

Ubos na.

Hahalughugin ni Chona ang mga garapon. Hawak niya ang walang-lamang garapon.

CHONA

Diyos ko, Lord!!! Anong buhay 'to!

Alam ni Ramil na talagang sasabog na si Chona. Iaalok niya ang kanyang kape sa misis.

RAMIL

Sa'yo na 'to.

Hindi ito tatanggapin ni Chona. Ipinanduduro niya kay Ramil ang garapon.

CHONA

Alam mo ba kung ilang tasa ng kape ang
matitimpla mo sa 100,000 Pesos?

RAMIL

Ayan ka na naman sa 100,000 mo.

CHONA

12,500 na tasa ng kape.

64 INT. KUBETA, BAHAY NILA CHONA - CONTINUOUS

Sa kubeta ay pinakikinggan ni Igit ang pagtatalo ng kanyang magulang. Dinudukot ni Igit ang kanyang bibig. Kinakalikot ang ngipin.

CHONA

(o.s.)

12,500 na kape... At hindi na aabsent si Igit,
at dalawa pa sana ang tang inang bato ko!

65 INT. BAHAY NILA CHONA - CONTINUOUS

Patuloy ang pagtatalo nina Chona at Ramil.

RAMIL

Pati pag-reject ng katawan noong Instik sa
bato mo, ako pa rin may kasalanan?

CHONA

Tangina sasagot ka pa!

RAMIL

Kaya lang naman tayo nabaon sa utang,
para makalaya ka.

CHONA

Ito? Malaya ito?! Sabi ko sa'yo, kaya ko
'yung bunuin ang pitong taon. Pitong taon
lang 'yun.

RAMIL

Paano kami 'pag wala ka?

Mapapaisip si Chona. Wala siyang maisip na magandang sagot. Maririnig ang papalapit na tren. Uulan ng dumi, uuga ang lugar.

CHONA

Maghahanap ka na lang ng pampiyansa,
kay Bochog pa. Doon pa sa tutulong kuno
pero pagkakakitaan ka lang talaga.

RAMIL

May kilala ka pang may pera?

CHONA

Kaya kong magbuno ng pitong taon sa
kulungan. (beat) Anong mapapala mo sa tulong
ng sindikato? Tingin mo sisingil nang patas ang

mga gago? Bobo ka?! Hindi mo naiintindihan

ang pera?!

Totodo ang tunog ng tren.

66 INT. STUDIO - STAGE - DAY [LIVE AIRING]

Napakaingay sa studio.

PARENG IDOL

70,000. Pera o Bayong?!

YES YES GIRLS

Pera o Bayong?

Nasa LED screen ang ‘Pera o Bayong Jackpot Round’. Nakatayo sa gitna ng stage si Pareng Idol at si Ramil. Dalawa sa sampung bayong na lang ang hindi nabubuksan: ang Pulang bayong na pinili ni Ramil at ang Dilaw na naiwan. Sumasayaw sa beat ng kanta ang mga naka-bikining Yes Yes Girls.

Nakikisigaw ang studio audience. Hati ang mga sigaw sa ‘Pera’ at ‘Bayong’. Ilalagay ni Bheng ang pera sa harap ni Ramil. Malalaglag niya ang ilang play money at agad na pupulutin. Kakamot-ulo si Pareng Idol.

PARENG IDOL

Pagpasensyahan niyo na po si Mayumi

at unang araw pa lang.

Titingin si Bheng kay Pollie na sumesenyas na kaya niya ito.

Aayusin ni Bheng ang postura.

PARENG IDOL

Ano, Ramil?

RAMIL

Bayong, Pareng Idol.

CHONA

(gigil)

Bobo! Magpera ka na!

PARENG IDOL

Bigyan niyo ’yan ng mic.

Mahahagip ng camera si Chona at aaliwalas ang mukha. Iaabot ni Pollie ang mic kay Chona.

CHONA

Pera na please, Ramil.

PARENG IDOL

Pera na daw sabi ni Chona. Pakinggan mo siya.

Nakatitig si Ramil kay Pareng Idol, umaasang bigyan siya ng clue.

PARENG IDOL

70,000 na ‘to. Hindi ka makakapulot ng ganito kalaking halaga kahit saan.

RAMIL

Bayong pa rin, Pareng Idol.

PARENG IDOL

Ang laman ng bayong ay...

Dahan-dahang itataas ni Pareng Idol ang laman ng bayong. Tutunog ang suspense cue. Magtitilian ang mga Yes Yes Girls. Sesenyas si Pollie na makitili rin si Bheng. Kinakabahan na ang studio audience.

Isasara ni Pareng Idol ang laman ng bayong at hihinto ang suspense music cue. Muli siyang tatawad.

PARENG IDOL

80,000 Pesos. Iuwi niyo na ‘to. Pera o Bayong?!

YES YES GIRLS

Pero o Bayong?

Magbibigay ng dagdag na pera si Bheng. Sisigaw si Chona, hindi gamit ang mic.

CHONA

80,000! Ramil! Pera na lang!

PARENG IDOL

Sa mic. Sa mic ka magsalita.

CHONA

Ramil, pera na lang!

RAMIL

Pareng Idol... Ano ba?

Umaasa pa rin na bigyan siya ng tulong ni Pareng Idol.

PARENG IDOL

Aba malay ko. Desisyon niyo ’yan.

RAMIL

Malakas ang kutob kong One Million ang laman ng bayong.

PARENG IDOL

Chona, bakit pera ang gusto mo?

CHONA

80 K na kasi ’yan. Sure win na ’yan.

Tatabihan ni Chona si Ramil sa stage.

PARENG IDOL

Ikaw. Bakit ka bayong?

RAMIL

Bihira lang maging milyonaryo, isusugal ko na. ‘Tsaka pinagdasal ko kay Lord na kung makapasok, ibigay Niya sa’kin ang jackpot. Kaya alam ko mananalo ako. Thank you, Lord!

PARENG IDOL

Amen.

CHONA

Pera!

PARENG IDOL

O, sigurado ka na sa bayong?

RAMIL

Siguradong-sigurado. Bayong!!

PARENG IDOL

Sigurado na raw si Ramil. Ang laman ng
bayong ay... Pinagpalit mo sa 80,000 ay...
Isa. Dalawa....

Dahan-dahang itataas ni Pareng Idol ang laman ng bayong. Muling tutunog ang suspense cue at magsisigawan ang Yes Yes Girls.

Isasara ni Pareng Idol ang laman ng bayong. Hihinto ang supense cue.

PARENG IDOL

HULING TAWAD! 100,000 PESOS!
PERA O BAYONG?!

YES YES GIRLS

Pera o Bayong?

Ibibigay ni Bheng ang perang tawad. Tensyonado na ang lahat ng tao sa studio. Tatakbo si Chona kay Ramil at yuyugyugin ang mister.

CHONA

Pera. Pera. Makinig ka sa’kin pera.

PARENG IDOL

Pakiramdaman mo. 100,000 ’yan

Ibibigay ni Pareng Idol ang 100,000 kay Ramil. Bubuhatin ito ni Ramil at hindi maintidihan ang nararamdamang pressure at kalituhan.

RAMIL

Pera...?

Matutuwa si Chona.

RAMIL

Pera na, Pareng Idol.

Hihinto ang intense cue. Maririnig ang sigaw ng audience sa Pera at Bayong.

PARENG IDOL

Pera? Kala ko pa naman matapang ’to. Walang sisihan. Sa’yo na ’yan. (beat) Pero isipin mo mas mabigat ang hahawakan mo kung jackpot ang laman ng bayong.

RAMIL

Pera pa rin, Idol.

PARENG IDOL

Isipin mo: ang ganda ng talent mo kanina, natalo mo ang lahat ng kalaban. NGAYON, IKAW ang nasa jackpot round.

Sumisigaw ang mga tao sa studio. Mapapaisip si Ramil.

RAMIL

Bayong ba?

Mabibigla si Chona sa pag-iba ng desisyon ni Ramil.

PARENG IDOL

Ikaw bahala. Kung gusto mong magbayong, magbayong ka.

RAMIL

Ba... Bayong, Pareng Idol.

PARENG IDOL

Akin na muna ’to.

Kukunin ni Pareng Idol ang hawak na P100,000 ni Ramil.

Yayakap si Chona kay Pareng Idol at magmamakaawa.

CHONA

Pareng Idol....

Matutuwa si Pareng Idol. Ngingiti. May pagkamanyak ang kanyang tawa at ngiti.

PARENG IDOL

Wala sa’kin. Nasa inyo ’yan. Hindi ko masasabi kung anong dapat na desisyon. Kapalaran niyo ’yan. (beat) 100,000! Pera o Bayong?

YES YES GIRLS

Pera o Bayong?

Sinasabunutan na ni Chona ang sarili—halos mabaliw na sa mindgame ni Pareng Idol.

RAMIL

Bayong!

Luluhod si Chona kay Ramil at yayakapin ang binti nito.

CHONA

Please. Makinig ka, pera na...

RAMIL

(pinipigil ang galit)

Tiwala lang. Tama ’tong pipiliin ko.

PARENG IDOL

100,000 ba o ang laman nitong bayong?
Maaring one million... maari ring bokya.
Ramil na isang barker. Mababago ng
desisyon mo ang buhay mo. Pag-isipan
mong mabuti.

RAMIL

Pareng Idol, para sa’ming pamilya ito.
Sabay-sabay kaming aahon sa buhay.

CHONA

Ramil! Magpera ka.

Mag-aantanda si Ramil at pipikit. Tensyonado ang dalawa, mangiyak-ngiyak na.

PARENG IDOL

Huling tanong: Pera o Bayong?

YES YES GIRLS

Pera o Bayong?

RAMIL

Bayong, Pareng Idol. Bayong na talaga.

May isang sandaling ngingiti si Pareng Idol, masaya sa pinili ni Ramil.

PARENG IDOL

Bayong na raw! Ang ipinagpalit mo,

Ramil, sa 100,000 ay...

Ito na ang pinakamatinding suspense cue. Tumitili ang mga tao sa studio. Ang iba ay 'bokya' ang sinisigaw, may iba na 'one million'. Hindi na mapakali sina Chona at Ramil. Mababago na yata ang kanilang buhay.

PARENG IDOL

Ang laman ng bayong ay...!

Bubuksan ni Pareng Idol ang bayong..... "BOKYA"! Sasabog ang pang-bokyang cue.

PARENG IDOL

Bokya! Aaaahaha!

Manlulumo sa sahig si Chona, lulupasay. Nanigas naman sa kanyang puwesto si Ramil. Iba ang hatid na ligaya kay Pareng Idol ng nakikitang panlulumo nina Chona.

PARENG IDOL

Ganyan talaga ang buhay.

Hahampasin ni Chona ng mic si Ramil. Hindi napigilan ni Bheng na maluha sa nakikita. Alerto si Pollie at Jude dahil nagkakasakitan sa stage.

CHONA

(naluluha sa inis)

Tang ina mo! Sinabi ko na sa'yo! Pera!

Pera!

Yayakapin ni Ramil si Chona para hindi siya nito mahampas.

RAMIL

(nanggigigil)

Tang ina, ‘wag ka magmura sa TV!

Magsisimulang lumabas ang credits ng Yes Yes Idol, superimposed sa screen.

Inaawat ni Jude at Pollie ang pananakit ni Chona kay Ramil. Hihilahin nila ang mag-asawa papunta ng backstage.

CHONA

Putang ina mo. Hindi ka nakikinig!

Tang ina ka! Bobo! Mamatay ka na!

67 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Humihina na ang tunog ng tren.

Ihahagis ni Chona ang walang lamang plastic na garapon sa sahig. Pupulutin ito ni Ramil. Pilit na nililigaw ni Ramil ang kanyang isip. Paulit-ulit na binubuksan at sinasara ang hawak na garapon.

RAMIL

Anim na buwan na, Chona. Tapos na, wala na tayong magagawa.

CHONA

Kung nag-pera ka, may napambayad tayo kay Bochog. Gigipitin tayo...

(magboboses lalaki)

isang bagsakan o benteng session ni

Igit

(balik sa natural na boses)

kasi alam niyang hindi makakabayad?!

(beat) Tapos noong nasa harap mo na ang

pera, bobo!... nawala pa!

RAMIL

Tatlo na lang, ’di ba. Tapos, tapos na. Wala

na.

CHONA

Nineteen pa noong sumali tayo. Tatlo na

lang ngayon kasi binuno LAHAT ni Igit.

Tangina, anak mo ang nagdudusa sa

pagkasugapa mo. Hindi ka na marunong

mag-isip, di ka pa marunong makinig. Sabi

ko mag-pera.

RAMIL

Ikaw may gustong sumali tayo ah.

Ikaw ’tong namilit.

CHONA

Bobo ka talaga. Pinilit kitang sumali para sa

pera. Para hindi na aabsent si Igit.

Habang nagtatalo ang kanyang magulang ay tahimik na lalabas ng kubeta si Igit. Basa ang kanyang buhok at nakatapis ng twalya.

CHONA

(nanggigil at pinipigil umiyak)

Hindi ka ba naawa tuwing pinaa-absent natin siya sa school? (kay Igit) Hali ka na magbihis ka na.

Hahatakin ni Chona si Igit na ayaw sumama sa kanya.

IGIT

’Nay, ayoko po.

CHONA

Sige na.

IGIT

Hindi po.

Maiinis na si Chona.

CHONA

Bilis na! ’Di ba umaga ka pa sinabihang mag-ayos!

Tititig siya sa mister, humihingi ng tulong para mapasunod ang anak.

RAMIL

Igit!

Titigil sa paglilikot sa Igit. Napilitan siyang pumunta sa kanyang Tatay. Hahawiin ni Ramil ang basang buhok ni Igit.

RAMIL

Nagkuskos ka’ng maigi?

Tatango si Igit.

RAMIL

Nagsipilyo ka ba?

Iiling si Igit. Iiling rin si Chona at kukunin ang sipilyo ni Igit sa kubeta. Dala ni Chona ang sipilyo ni Igit, pero walang toothpaste. Lalagyan niya ng asin ang sipilyo ng anak at uutusan itong lumapit.

CHONA

Dali.

Pupunta kay Chona si Igit. Kukuha ng isang tasa ng "malinis" na tubig si Ramil at iaabot kay Chona.

Ibibigay ni Chona ang sipilyo kay Igit. Magsisipilyo ang bata. Blangko ang mukha nina Ramil at Chona habang pinanonood ang pagsisipilyo ng anak.

Mabubunot ang ngipin ni Igit. Dahil sa gulat ng dugo ay kukunin ni Igit ang souvenir tshirt ni Mayor at ipangsasalo sa tumutulong dugo. Kukunin ni Chona ang natanggal na ngipin ng anak. Bibigyan niya ng tubig si Igit.

CHONA

Mumog.

Magmumumog si Igit. Pangingitiin niya ang anak at sisilipin kung kita ang bungi nito.

IGIT

’Nay, masakit po ngipin ko. Dito na lang
ako sa bahay. Hintayin muna natin tumubo.

CHONA

Ipapalit natin sa daga.

Ihahagis ni Chona kay Ramil ang ngipin.

RAMIL

Daga ba ako?

CHONA

Tanga. Ihagis mo sa bubong.

RAMIL

Tanga. Wala kang bubong.

(kay Igit)

Halika dito.

Pupunta si Igit kay Ramil. Huhubarin ni Ramil ang twalya ni Igit. Pinipigil ito ng anak.

IGIT

’Tay, ayoko po.

RAMIL

Anong ayaw?

Iiling si Igit. Panlalakihan ni Ramil ng mata ang anak para mapasunod ito. Mahuhubad na ang twalya. Brief na lang ang naiwang suot ni Igit. Kukunin ni Chona ang BOTE NG PULBOS at tatanggalin ng selyo.

68 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Kadikit ito ng pag-uusap tungkol sa nais na pagre-resign ni Pollie (seq 62).

BHENG

Sino nang kasangga ko kung aalis ka?

POLLIE

Ibang Yes Yes Girls.

BHENG

Asa.

POLLIE

Sarili lang natin kakampi natin dito, Bheng.

Katahimikan.

BHENG

Hindi ko naman talaga gusto ’to, Teh Pollie.

Pag nag-resign ka, damay na din ako.

POLLIE

Threat ba ’yan? Haha.

BHENG

Gaga, hindi. Seryoso ako.

Ubos na ang kinakain nilang lumpia. Itatapon nila ang plastic cup sa basurahang puno at madumi.

BHENG

Dumi na. Ang dumi-dumi. (beat, tititig kay Pollie) Ano?

Tatango si Pollie. Hihilahin ni Bheng si Pollie.

Tumatakbo sa hallways sina Bheng at Pollie—parang mga batang pinakawalan sa playground. Madaming mga staff na muntik na nilang mabangga habang tumatakbo.

68 INT. HALLWAY (LABAS NG DRESSING ROOM NI PARENG IDOL) – DAY

Makakarating sila sa labas ng dressing room ni Pareng Idol.

BHENG

’Teh, resign lang ha, walang iyakan sa loob.

Sige ka, titigasan ’yun.

POLLIE

Hahaha! Loka!

BHENG

Seryoso. Sadista ’yun. Tinitigasan sa umiiyak.

POLLIE

Si Pia na ang bahala sa kanya.

Kakatok si Bheng bago buksan ang pinto. Makikita niyang magkausap si Pia at Pareng Idol. Mukhang natatakot si Pia. Nang magbukas ang pinto ay magiging defensive ang body language ni Pareng Idol. Wala lang kay Bheng na makita ang dalawang magkasama.

BHENG

Hello po?

PARENG IDOL

Ano ’yun?

BHENG

May sasabihin daw si Teh Pollie.

Aakayin niya si Pollie para makausap ni Pareng Idol.

PARENG IDOL

Ano ’yun?

Manlalaki ang mata ni Pollie kay Bheng dahil mapapasubo na siya.

PARENG IDOL

Sinong nagpapa-audition ngayon?

BHENG

Sabihin mo na, Teh. Busy sila oh. Ikaw din, madami ka pang gagawin.

PARENG IDOL

Ano ’yun? Re-request ka na naman ng leave? O ng ka-buddy? Di ba humindi na.

BHENG

Ang demanding mo pala, Teh.

PARENG IDOL

Ano?! Gusto mong ikaw pumalit kay Jude?

Mag-iipon ng lakas ng loob si Pollie para sabihin ang gustong sabihin.

POLLIE

Mag-reresign na ako.

Ngingiti nang malaki si Bheng. Hahawakan niya ang kamay ni Pollie.

BHENG

Actually, pareho kaming mag-reresign.

Magugulat si Pareng Idol sa sinabi ng mga babae.

PARENG IDOL

Walang aalis...Para kayo dito show.

POLLIE AT BHENG

Hindi, Idol.

69 INT. BAHAY NILA CHONA - DAY

Tinataktak ni Chona ang pulbos sa kanyang kamay.

IGIT

Ayoko po.

Hahawakan ni Ramil si Igit para siguruhing hindi maglilikot ang bata.

Ipapahid ni Chona ang pulbos sa katawan ni Igit. Taktak. Pahid. Sa leeg, kili-kili, tiyan, at bawat parte ng kanyang katawan.

IGIT

Dito na lang ako sa bahay.

RAMIL

Wala kang gagawin dito.

IGIT

Maglilinis po ako. Magwawalis.

Babalewalain ni Ramil ang sagot ng anak.

Kukunin ni Ramil ang naka-hanger na polo uniform ni Igit. Maingat na isusuot nina Ramil at Chona ang damit kay Igit. Kinikiskis ng kuting ang ulo sa paa ni Igit. Nilalaro ng paa ni Igit ang alaga. Itataboy ni Chona ang pusa.

Isa-isang isasara ni Chona ang butones ng uniform. Sunod niyang isusuot ang school shorts nito. Malulugmok sa sahig si Ramil—tila biglang bumigat ang pakiramdam.

Aalis sa kanyang puwesto si Igit at pupunta sa likod ni Ramil para masahiin ang ulo nito.

IGIT

Masakit po ba ang ulo niyo sa alak?

Mamasahiin ko po para di na sumakit.

CHONA

Bilis na.

Hihilahin ni Chona ang anak dahil dumidikit ang uniporme niya kay Ramil. Mag-iipon ng tibay ng loob si Ramil at babalik sa pag-aayos.

RAMIL

Tatandaan mo ’yung tinuro namin sa’yo.

’Pag nagkita kayo, babatiin mo siya--

CHONA

Babatihin? Agad-agad?

RAMIL

Buang, babatiin, hindi babatihin.

(kay Igit)

’Pag nakita mo siya babatihin—

Mahihinto si Ramil sa pagkakamali. Muntik pang matawa.

RAMIL

Tang ina kasi nitong Nanay mo. Basta, babatiin mo siya tapos ngingiti ka nang malaki. (beat) Ngiti.

Ngingiti si Ramil para gayahin ng anak. Isang pilit na ngiti ang mabubuo sa labi ni Igit.

RAMIL

Tapos sabihin mo "Good afternoon, Mister Dickinson." Ulitin mo.

Pipilitin ni Igit magsalita kahit nahihirapan siya.

IGIT

Gggg-- (beat) Hindi ko po alam.

CHONA

Nakailang practice na tayo ah!

Titingnan ni Ramil si Chona para huwag awayin ang anak.

RAMIL

Good afternoon, Mister Dick...

IGIT

Good af ter noon, Mister Dick.

CHONA

In...

IGIT

In.

CHONA AT RAMIL

Son.

IGIT

Son.

CHONA AT RAMIL

Good afternoon, Mister Dickinson.

IGIT

Good afternoon. Mister. Dick. In. Son.

Lalagyan ni Chona ng pulbos ang mukha ni Igit.

CHONA

Ayan, siguradong matutuwa si Dickinson niyan.

Aamuyin ni Chona at Ramil ang pinulbusang anak.

CHONA

Gustong-gusto daw niya ’pag amoy pulbos.

Yayakapin ni Igit si Chona. Hindi niya matingnan ang anak sa mata.

IGIT

Ayoko po, ’Nay. Please po, ’Nay...

Tutunog ang text alert tone sa phone ni Chona. Kukunin ni Ramil ang naka-charge na phone at ibibigay kay Chona.

CHONA

Sapatos na.

Tatakbo si Igit kay Ramil. Umaasang makakahanap siya ng kakampi sa Tatay. Yayakapin niya si Ramil. Magsisimulang umiyak si Igit.

IGIT

Kailangan ko pumasok ng school. May quiz po kami. Nag-aral po ako buong gabi. ‘Tay, ‘di ba sabi niyo mag-aral akong mabuti?

Maninigas ang mga magulang habang humihikbi si Igit.

Maririnig ang papalapit na tren.

Kukunin ni Chona ang kamay ni Igit. Itataas ang tatlong daliri at isa-isang tutupiin.

Katumbas ng huling tatlong ‘sessions’ na kailangang bunuin ng anak.

CHONA

Pagkatapos nito... (2)... (1)... (0)... Tapos hindi ka na aabsent.

Tataktakan ni Chona ng pulbos si Igit—direkta mula sa bote. Natataktakan din ng alabok at semento mula sa kisame ang mag-asawa: na parang may malaking bote ng pulbos sa kisame nila.

70 INT. BAHAY NILA CHONA – NIGHT

Lalayo ang tren at tatahimik ang bahay.

Flashback. Kinagabihan ito ng audition ni Ramil para sa Yes Yes Idol.

Magkakatabi sa sahig ang pamilya, patulog na. Nasa gitna si Igit ng mga magulang.

CHONA

Igit?

IGIT

’Nay?

CHONA

Hindi ka papasok bukas.

Uupo si Igit.

IGIT

’Nay, ayoko po... ayoko.

Titingnan ni Chona ang anak. Takot si Igit habang puno naman ng pag-asa si Chona.

CHONA

Hindi ka papasok bukas para panoorin kami
sa Yes Yes Idol.

Matutuwa si Igit at tatayo.

IGIT

Talaga?! Kasali kayo bukas?!

CHONA

Oo. Natanggap si Tatay Ramil. Kina
Gina ka muna bukas ha.

Tatango si Igit. Babalik siya sa paghiga at kinikilig na pipikit. Mag-aantada siya nang paulit-ulit habang tahimik na nananalangin.

71 INT. BAHAY NI GINA at INT. STUDIO STAGE [LIVE AIRING] - DAY

SA BAHAY NI GINA, nasa tapat ng TV si Igit. Halos takpan na niya ang buong screen.

Ineere nang live ang episode ni Ramil sa Yes Yes Idol.

SA STUDIO, hinahalikan ni Chona si Pareng Idol bilang pasasalamat.

GINA

‘Git, panood din kami.

Tatabi si Igit.

PARENG IDOL (sa TV)

Ikaw naman, Ramil, anong mensahe mo sa asawa mo?

RAMIL (sa TV)

Sorry sa mga pagkukulang ko bilang haligi ng tahanan. Pipilitin kong maging mas mabuting asawa mo at mabuting tatay ni Igit. Pangako, ’pag manalo tayo, pakakasalan kita agad. (beat, kay Pareng Idol) Live in lang po kasi kami.

PARENG IDOL (sa TV)

Ganoon ba.

RAMIL (sa TV)

Gusto ko kasing patunayang mahal kita. (beat) Labyu.

Kinikilig ang mga nasa bahay ni Gina. Pati rin si Chona at ang audience sa TV.

RAMIL (sa TV)

Salamat sa pagturo kung ano ‘yung iisipin para maganda ang talent ko. Mahal na mahal ko kayo ni Igit.

KAPITBAHAY (OS)

Igit, mahal na mahal ka daw oh.

PARENG IDOL(sa TV)

Sino ba si Igit, anak niyo?

RAMIL (sa TV)

Yes, Idol. Nag-iisang anak.

PARENG IDOL (sa TV)

Oh, batiin mo. Nanood siya sigurado.

RAMIL (sa TV)

Hello, Igit, artista na si Tatay!

IGIT

Tatay! Hello!

Magsisimulang tumugtog ang madramang music cue.

RAMIL (sa TV)

Tandaan mo lahat ng ginagawa namin ng Nanay mo ay para sa kinabukasan mo. Makinig ka: mag-aral kang mabuti.

Edukasyon lang ang mapapamana namin sa’yo...

IGIT

Opo, ’Tay!

Naluluha si Igit sa sobrang saya.

Sa TV, naririnig na ni Ramil ang tugtog. Hahanapin niya kung saan ito nanggagaling. Agad siyang iiyak. Pero peke ang kanyang pag-iyak.

RAMIL (sa TV)

(pekeng pag-iyak)

‘Pag nag-aral kang mabuti, aahon ka sa buhay. Kaya pagdasal mo na manalo si Tatay para...

Sa gitna ng pagsasalita ay biglang magiging tunay ang luha ni Ramil. Hindi na siya umiiyak para kaawaan ng audience.

RAMIL (sa TV)

hindi ka na umabsent sa school. Alam kong ayaw na ayaw mong pa-absenin ka namin. Yun din ang gusto ko, simple lang ang pangarap ko, ang hindi ka na aabsent sa school kahit kailan.

Umiiyak ang mga tao sa bahay ni Gina. Pati ang audience, lalo na si Chona. Naiiyak rin si Bheng.

Hindi napansin ni Ramil na tuloy-tuloy na ang pagtulo ng kanyang luha. Pupunasan niya ito at ngingiti dahil tapos na ang mensahe.

RAMIL (sa TV)

’Yun lang po, Pareng Idol. Salamat.

PARENG IDOL (sa TV)

Salamat, Ramil. Napakabuting Tatay.
Anong talent mo ngayong hapon?

RAMIL (sa TV)

Magpa-pansit po ako. Aarteng may
pansit.

PARENG IDOL (sa TV)

(matatawa)

Pansit monologue? HAHAHA! Pagbigyan
na nga lang natin ‘to. Ladies and
gentlemen, palakpakan natin: Ramil!

Papalakpak ang mga studio audience na may mga luha pa.

Tatayo si Ramil sa harap ng stage. Magsisimulang mag-internalize. Yuyuko siya. Mag-iiba rin ang ilaw ng studio para makatulong sa internalization ni Ramil.

72 INT. IMAGINED STUDIO - DAY

Madilim ang lighting sa studio. Mag-isa lang sa lugar si Ramil.

Makikita niya ang isang bubwit sa bleachers. Katapat niya ito't pinanonood siya. Ito lang ang nag-iisang audience na nakikita niya. Magtititigan sila na parang matagal nang magkakilala.

74 INT. IMAGINED STUDIO - CONTINUOUS

Mag-isa sa studio si Ramil. Kunyari ay may dala siyang pansit. Magsisimula siyang maghanap sa anak.

RAMIL

Igit? Igit? Nag-uwi ako ng paborito mong pansit. Igit? Nasaan kaaaa, Igit. Bakit hindi kita makita? Tinataguan mo ba ako?

Paglingon niya ay nasa gitna ng stage si Igit. Walang malay, nakauniporme, may dugo sa likuran ng shorts.

RAMIL

Igit!!!! Dugo! Bakit ka may dugo?!

Hahangos siya papunta kay Igit at nanginginig na luluha.

75 INT. BAHAY NI GINA at INT. STUDIO STAGE [LIVE AIRING] - DAY

Malapit ulit sa TV si Igit.

IGIT

'Tay, nandito ako!

Bano umarte sa TV si Ramil. Hindi maintindihan kung nakakatawa ba o nakakaiyak ang pansit monologue niya. Tinatawanan siya ng mga tao sa bahay ni Gina at studio audience. May iilan lang na naiiyak. Nasa gilid si Chona at nagpapaka-"stage mom" sa asawa.

RAMIL (sa TV)

Anong nangyari sa'yo? Gumising ka, Igit!
Huhuhuhu.

76 INT. STUDIO - STAGE - DAY

[hindi 4:3] Lalong tumitindi ang tawanan ng mga tao kay Ramil—halos nangungutya na. Natatakot at nagtataka naman si Ramil sa reaksyon ng mga tao. Pinakamalakas ang tawa ni Pareng Idol sa mikropono.

RAMIL

Sinong may gawa nito? Paano na ang mga pangarap na pinangako mong sabay nating aabutin? Igiiiiit!!!!

77 INT. BAHAY NI GINA / INT. STUDIO STAGE - DAY

Pinanood nila Igit ang jackpot round. Tensyonado ang lahat. Bubuksan ni Pareng Idol ang laman ng bayong. Bokya!

PARENG IDOL (sa TV)

Bokya! Aaaahaha!

Naglulupasay sa TV si Chona.

Titingin si Igit sa likod, kay Gina na nanonood rin. Umaasa si Igit na mabigyang linaw sa napanood sa TV. Wala sa kanilang makapagsalita. Gustong maluha ni Igit. Maririnig ang pagdating ng tren.

Sa TV, hinahampas ni Chona si Ramil.

78 INT. STUDIO - STAGE - DAY

[hindi 4:3] Inaawat ni Jude at Pollie ang pananakit ni Chona kay Ramil.

CHONA

Putang ina mo. Hindi ka nakikinig!

Tang ina ka! Bobo! Mamatay ka na!

Nanonood si Bheng sa breakdown ng mag-asawa. Unang beses niyang personal na makasaksi ng mga contestants na gumuho ang pangarap. Hindi niya mapigiling maiyak.

79 INT. STUDIO - BACKSTAGE - CONTINUOUS

Bitbit ni Pollie at Jude ang nagwawalang si Chona na gustong saktan si Ramil.

CHONA

Pera! Pera sabi ko!!!

POLLIE

Bakit nagmura ka? Kalma lang. Tubig nga.

Pahingi kami ng tubig.

Walang kikilos sa utos ni Pollie. Iiwan niya si Chona kay Jude.

JUDE

(sa radio)

Direk, nasagap ba?

DIREK

(mula radio)

Sana hindi. In-up ko music.

PARENG IDOL

(o.s.)

Magkita-kita tayo muli bukas sa programang sagot sa pangarap ng masang Pilipino. Ang...

AUDIENCE

(o.s.)

Yes! Yes! Idol!

Babalik si Pollie na may dalang tubig. Ibibigay niya ito kay Chona. Itatapon lang ito ni Chona. Magpapalakpakan ang studio audience, tapos na ang airing.

CHONA

Tangina ka Ramil! ’Di ba pera!!

Dadating si Pareng Idol na mainit ang ulo. Makikiusyoso ang Yes Yes Girls sa backstage. Luhaan pa rin si Bheng. Sa lahat ng empleyado na nasa backstage, siya lang ang malungkot. Kahit nagsasalita ay hindi titigil sa paglalakad si Pareng Idol.

PARENG IDOL

Anong nangyari! Bakit nagmura sa mic?!!

JUDE

Hindi daw ata nasagap, Idol.

PARENG IDOL

Ayusin niyo ’yan.

Iiwan sila ni Pareng Idol.

CHONA

Pareng Idol, pera na namin ’yun.

RAMIL

Tama na.

Hahampasin ni Chona si Ramil. Aawatin muli nila Pollie si Chona na walang tigil ang pagbubulyaw kay Ramil. May maaapakang flypaper si Chona. Mas sasabog ang galit.

80 INT. BATHROOM, TV NETWORK - DAY

Tinatanggal ni Chona ang fly paper na naapakan. Nang itatapon niya ito ay mas lalo itong didikit sa kanyang kamay.

Sisigaw sa gigil si Chona.

Sa wakas ay matatapon na niya ang fly paper. Maghuhugas siya sa lababo. Pupunasan niya ang bibig gamit ang damit at masisilip na wala pa siyang kidney operation scar. Nakatitig si Chona sa kanyang sarili sa salamin. Gigil na gigil siya sa galit at kabiguan.

81 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Hinihila ni Chona si Ramil para ituro ng mister ang dressing room ni Pareng Idol. Nasa malayo sina Pollie at Bheng.

CHONA

Saan?!

Mararating nila Chona ang dressing room ni Pareng Idol. Bubuksan ito ni Chona nang hindi kumakatok.

82 INT. DRESSING ROOM NI PARENG IDOL - DAY

Mag-isa sa kanyang dressing room si Pareng Idol. Gigil pa rin si Chona.

CHONA

Pareng Idol, asan na’ng pera namin?

PARENG IDOL

Sa accounting ike-claim.

CHONA

’Yung 100 thousand namin, akin na.

PARENG IDOL

Sino nagpapasok sa inyo? (beat)

Pollie! Guard!

CHONA

Ibigay mo pera namin.

PARENG IDOL

Nagbayong ’yan di ba?

CHONA

Nagpera na kami! Kinumbinsi mo lang siyang magbayong!

PARENG IDOL

Natalo kayo sa sugal. Tanggapin niyo.

CHONA

IBIGAY MO ANG 100 THOUSAND NAMIN! PUTANG INA MO PARENG IDOL PERA NAMIN ’YON!

PARENG IDOL

Bungangang skwater mo, ’wag mong dalhin dito. (beat) POLLIE!!

POLLIE

(o.s.)

Yes, Idol? Andiyan na.

CHONA

(kay Ramil)

I-lock mo!

Bago pa makapasok si Pollie ay isasara na ni Ramil ang pinto. Magtutulakan muna sila bago ma-lock ang pinto. Kakalampagin ito ni Pollie.

POLLIE

(o.s.)

Susi! Susi!

CHONA

Pera namin???? Para sa anak ko ’yun!

PARENG IDOL

Sa accounting niyo hanapin, ’wag sa’kin.

CHONA

Lagi kitang pinapanood. Pansin ko, pinipili mo kung sinong gusto mong manalo. Bakit kami, ayaw mong manalo?

PARENG IDOL

Ikaw lang nag-iisip niyan.

CHONA

Alam ng lahat na may 100 thousand dapat kami.

PARENG IDOL

Hindi mo ba naiintidihan ’yung laro? Bobo ka ba?

RAMIL

Chona, tara na. Pasensya na, Idol.

CHONA

Tumahimik ka!

Galit na galit na si Chona.

CHONA

Hindi ka makakalabas dito hanggat wala kaming 100 thousand!

PARENG IDOL

Bahala ka. Pagpasok ng mga tao ko, anong gagawin niyo?

Manlalaki ang mata ni Chona. Mag-iisip ng gagawin.

SASAKALIN NI CHONA ANG KANYANG SARILI.

CHONA

Sasabihin naming pinatay mo ako.

Hindi siya seseryosohin ni Pareng Idol pero totoong sinasakal ni Chona ang sarili niya. Nanlilisik ang kanyang mata habang nakatingin kay Pareng Idol. Aawatin siya ni Ramil pero hindi tatalab, namumula na ang mata ni Chona.

Nang mapansing seryoso na ang ginagawa ni Chona ay aawat na rin si Pareng Idol. Pagtutulungan ng mga lalaki na kumalag ang kamay ni Chona sa leeg pero mas malakas si Chona.

PARENG IDOL

Oo na. Oo na, bibigay ko na.

Mas manginginig ang kamay ni Chona.

Bubukas ang pinto, papasok si Pollie at mga guard. Maiiwan sa labas si Bheng, nanonood.

PARENG IDOL

Oo na. Sige na!

Tatanggalin ni Chona ang pagkakasakal at uubo. Hahabulin niya ang hininga.

POLLIE

Okay ka lang, Idol?!— Anong ginawa

sa'yo?

PARENG IDOL

Walang kaso. Nag-heart to heart talk lang.

Ibubuka ni Chona ang palad.

CHONA

Pera namin?

POLLIE

Ate, sa accounting ang kuha.

CHONA

Hindi. 100 thousand. Bibigyan niya kami.

Kunot-noo si Pollie kay Pareng Idol, hindi gets ang sinasabi ni Chona.

PARENG IDOL

Oo, bigyan natin ng 100 k 'to.

POLLIE

Seryoso?

PARENG IDOL

Seryoso.

Maluluha si Chona at luluhod sa harap ni Pareng Idol.

CHONA

(naluluha)

Salamat, Idol. Diyos ko, Salamat.

Aayusin ni Pareng Idol ang belt ng pantalon. Siguro nga ay totoong tinitigasan siya habang iniiyakan.

PARENG IDOL

Tayo ka na.

Tutulungan ni Pollie na tumayo si Chona. Sesenyasan niya si Bheng na pumasok. Papasok si Bheng. Isasauli ni Bheng kay Chona ang perdibleng pinahiram.

BHENG

(kay Chona)

Salamat, Ate.

PARENG IDOL

(kay Pollie)

Samahan mo sa accounting hanggang makalabas.

POLLIE

100 thousand ibibigay?

PARENG IDOL

Oo nga.

CHONA

Salamat, Idol!

Lalabas sina Chona, Ramil, at Pollie.

83 INT. HALLWAY (LABAS NG DRESSING ROOM NI PARENG IDOL) – CONTINUOUS

Hindi pa nakakalayo sila Chona ay may ipapahabol si Pareng Idol.

PARENG IDOL

Nga pala... kung tatanggapin niyo ang 100,000, sisingilin ka namin.

Magtataka si Chona.

PARENG IDOL

(nagsisinungaling)

Kasi... narinig ’yung pagmumura mo. Tinawagan kami ng MTRCB... Ngayon, may fine daw na 500 thousand.

Nagtataka si Pollie sa kasinungalingang sinabi ni Pareng Idol.

CHONA

Ha?

PARENG IDOL

Kaya mamili kayo. Bibigyan kayo ng 100 thousand pero kailangan niyong bayaran ang 500 thousand na multa... di ko alam kung saan kayo pupulot ng ganoon kalaking pera... o tatanggapin niyo ang consolation

prize—*na napanalunan ninyo*—at uuwing masaya.

Natameme si Chona.

CHONA

Idol... Sabi mo–

PARENG IDOL

Pag-isipan niyong mabuti.

Isasara ni Pareng Idol ang pinto. Nagulat si Bheng sa pangyayari. Siya ang huling makikita bago magsara ang pinto. Titingin ang nanghihingang si Chona kay Pollie.

CHONA

Para sa anak ko ’yun. Bakit ayaw niyong ibigay?

Tumagos ito kay Pollie pero wala siyang masagot. Ia-assist niya ang mag-asawa sa paglalakad. Naninigas ang kanyang panga sa guilt.

84 INT. TV NETWORK - HALLWAY - DAY

Tumatakbo sa hallway sina Pollie at Bheng. Hihinto sila sa corner ng hallway kung saan minsang inassist ni Pollie sila Chona.

Ngingiti siya nang bittersweet. Malungkot na hindi direktang nakatulong kina Chona pero masayang hindi na muling magiging instrumento ng show para manliit ng kapwa.

Hihilahin ni Bheng si Pollie. Tatakbo silang parang mga bata. Tumitili sa sobrang saya.

85 INT. REHEARSAL ROOM - DAY

Papasok ng rehearsal room sina Pollie at Bheng.

Pupuntahan nila ang mga costumes na sinusuot ng dancers. Hahanapin nila ang pinakamalaki o kung anong magkakasya kay Pollie.

Isusukat ni Pollie ang hawaiian dress at puno sila ng tawa habang ito’y ginagawa nila.

Sasayaw si Pollie sa harap ng salamin. Makikisayaw din si Bheng. May friendly showdown sila.

YES YES GIRL 1

(o.s., sarcastic)

Ang saya naman nila masyado.

Wala silang pake sa narinig. Mas titindi ang pagsasayaw nila bilang pagdiriwang. Tawang-tawa sila sa ginagawa.

86 INT. ACCOUNTING - DAY

Bitbit nina Chona at Ramil ang mga gift packs at jacket na bigay ng show. Kasama nila si Pollie na inaassist sila sa pag-claim ng cash prize. Malungkot siya para sa mag-asawa.

Nasa likod ng mesa ang isang ACCOUNTANT.

ACCOUNTANT

(mapangkutya)

Galing ng acting mo kanina, kuya.

Pahingi naman ng pansit.

Pipisilin ni Ramil ang labi. Bibigyan ng Accountant ng form si Ramil at ituturo kung saan pipirma.

ACCOUNTANT

Pangalan at pirma dito, dito, dito.

RAMIL

Ano pong nakasulat?

ACCOUNTANT

Na natanggap niyo ang pera.

Titingin si Ramil kay Chona, para tulungan siyang magsulat/pumirma sa form. Kukunin ni Chona ang ballpen at pipirma. Magbibilang ng pera ang accountant.

ACCOUNTANT

Ten thousand.

Ibibigay niya ito kay Ramil.

87 EXT. TV NETWORK - DAY

Hapon. Lalabas ng network sina Chona at Ramil. Hindi nag-uusap at malayo sa isa’t isa.

Sisipain ni Ramil ang isang latang nakakalat sa kalsada. Ninanakawan ni Chona ng galit at matatalas na tingin ang mister. Sa pikon ay dadamputin ni Chona ang lata at gigil na ihahagis kay Ramil.

88 EXT. APARTMENT NI POLLIE - VERANDA - NIGHT

Nagsisigarilyo si Prince sa bench habang may ka-chat. Uupo sa kabilang dulo ng bench si Pollie. Ilalayo ni Prince ang ashtray.

POLLIE

Nag-resign na ako. Hahanap ako ng mas okay na trabaho.

Titingnan ni Prince ang kanyang ina. Matagal na katahimikan. Aalukin ni Prince ng yosi si Pollie. Kukuha si Pollie at magsisindi.

PRINCE

Malungkot ka?

Ngingiti si Pollie—sabik na sa magiging bagong kabanata ng buhay. Ilalagay ni Prince ang ashtray sa gitna nila. Tahimik silang magsisigarilyo. Itataktak ni Pollie ang abo ng yosi.

89 I/E. APPAREL STORE - NIGHT

Nakauniporme si Bheng bilang empleyado ng mall. Sarado na ang store at binibihisan niya ng biniki at beach robe ang mga mannequin. Tutugtog ang isang classical song sa store at hihinto siya sa trabaho.

Haharap siya sa salamin ng tindahan at sasayaw. Graceful ang kanyang sayaw. Masayang-masaya siyang pinanood ang sarili sa salamin. Dahil sa ilaw ay hindi niya alam na napapanood siyang sumayaw ng mga taong naglalakad.

Sa gitna ng mga hubad at bagong-bihis na mannequin ay sumasayaw si Bheng. May isang taong nagvi-video sa kanya.

CUSTOMER 1

’Di ba si Mayumi ’yan? ’Yung Yes Yes Girl?

90 EXT. KALSADA - DAY

Naglalakad sina Chona at Igit. Sinisipa ni Igit ang isang latang walang laman. Hihilahin ni Chona ang anak para hindi na maglaro.

Madadaanan nila ang barberya. Pinupulbusan ng barbero ang brush na ikikiskis sa batok ng panibagong customer. Nakasindi na ang TV. Nagpapalabas ng commercial ng Yes Yes Idol.

Makakarating sila sa gilid ng kalsada. Mag-aabang sila ng jeep kasama ang isang lolang may bitbit na bayong. Hihinto ang isang jeep.

DRIVER

Dito na kayo.

Sasakay sina Chona at Igit sa harapang upuan.

91 I/E. JEEP - HIGHWAY - DAY

Bumabiyahe ang jeep. Kukuha ng pera sa bulsa si Chona para ibayad sa DRIVER. Tatangihan ito ng Driver.

DRIVER

’Wag na. Ito naman oh.

CHONA

Salamat.

Ibabalik ni Chona ang pera sa bulsa.

DRIVER

Good afternoon, Igit. Hindi talaga papa-tardy, ano.

Hindi iimik si Igit. Nakayuko lang siya.

CHONA

Good afternoon daw.

Aayusin ni Chona ang buhok ni Igit. Itatago niya sa Driver ang mukhang malapit nang maluha.

DRIVER

Musta na si Ramil? Ayaw pa ulit magbarker?

Walang sagot si Chona.

92 I/E. JEEP - SAPICO ELEMENTARY SCHOOL - DAY

Dadaan sa tapat ng Sapico Elementary School ang jeep. Bababa ng jeep ang dalawang estudyante pero hindi kikilos ang mag-ina.

DRIVER

School na.

Wala pa ring imik sila Chona. Mas matigas na ang mukha ni Chona sa pagnanais na maitago ang nararamdaman. Nagtataka ang Driver sa hindi pagbaba nila Chona at iaandar ang jeep.

93 INT. JEEP - DAY

Aayusin ni Chona ang kuwelyo ni Igit. Hindi na niya napigilan ang pagtulo ng luha. Panay ang pag-aasikaso niya sa kuwelyo ng anak kahit pa wala naman ditong mali.

Magpapatuloy ang biyahe ng jeep. Magpapatuloy rin ang kanilang mga buhay.

FADE TO BLACK:

FADE IN:

WHITE TEXT ON BLACK:

Halaw sa Dulang “Amoy Pulbos ang mga Alabok sa Ilalim ng Riles ng Tren”

DISSOLVE TO TITLE: “Amoy Pulbos”